PHILIPPINE JOURNAL OF LINGUISTICS
Volume 36, Number 1 & 2
June & December 2005

# MGA SEMANTIK KORELEYT NG PAGKATRANSITIBO SA MGA KWENTONG SEBWANO

**FRIEDA MARIE BONUS ADEVA**
***Unibersidad ng Pilipinas-Diliman***

*Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng fangksyonal na dulog sa Sebwano kung saan ang wika ay tinitingnan na multiproposisyonal kung kaya't ito'y nakabatay sa mga teksto. Kalakip na rin nito ang mga komyunikatibo, kognitibo at sosyo-kultural na gamit nito. Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang magbigay ng deskripsyon ng mga semantik koreleyt sa Sebwano at kung papaano ito masasalamin sa morfosintaks at semantiks ng wikang ito. Kaugnay na rin dito ang pagtukoy kung ano ang mga transitibo at di-transitibong konstraksyon. Ito'y upang magbigay ng panimulang batayan sa pagtukoy ng sistema ng pagmamarka ng mga fokus na panlapi sa wikang ito.*

*Sa pamamagitan ng paglalapat ng Transitivity Hypothesis nina Hopper at Thompson (1980) at ng mga sintaktik-semantik primitive ni Dixon (1994) na S, A at P ipinaliwanag sa pag-aaral na ito ang gamit ng mga Aktor Fokus at Gowl Fokus na panlapi sa mga kwentong Sebwano. Gumamit din ng kwantitatibong pamamaraan ang pag-aaral na ito upang masukat kung anu-ano ang lebel ng pagkatransitibo ng bawat konstraksyon.*

*Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, may dalawang Aktor Fokus na panlapi ang Sebwano: ang* mi-/ni-~m-*repleysiv at may tatlo namang Gowl Fokus na panlapi:* i-, -un, -an. *At ang Pangmadaliang Gowl Fokus na konstraksyon ang pinakatransitibong konstraksyon sa wikang ito.*

## 1. Introduksyon

Ang Sebwano (SEB) ay isang wikang Austronesyano na sinasalita sa gitnang bahagi ng Pilipinas, tulad ng Negros, Cebu, Bohol, Leyte at sa hilagang bahagi ng Mindanaw. Kadalasang ibinabaybay ito na Cebuano, Sebuano o Sebwano.[1] Ang huling pagbaybay ang gagamitin ko sa papel na ito. Tinatawag din itong Sugbuhanon, Visayan, Bisayan, Binisaya o Sebuano. Batay sa 1990 Census, may humigit-kumulang na 14,713,220 na mga nagsasalita ng wikang ito sa Pilipinas at 24.4% ng pangkabuuang populasyon ng bansa (SIL 2002; http://www.ethnologue.com/).

Matagal nang pinagtatalunan ng mga linggwist kung paano wastong susuriin ang sistemang pampandiwa sa wikang ito na lalong kilala sa katawagang *fokus* (na tatalakayin ng mas malaliman sa susunod na bahagi (2) ng papel na ito) pati na rin ang sistema ng pagmamarka ng mga keys ng nominal sa isang konstraksyon. Isa sa pangunahing dahilan kung bakit napili kong pag-aralan ang wikang ito ay dahil sa ang wastong pagsusuri nito'y makakatulong upang ideskrayb ang mga iba pang wika sa Pilipinas. May mga linggwist ang nagsasabing ito ay may sistemang nominatibo-akusatibo at may iba namang nagsasabi na ito'y may sistemang ergatibo-absolutibo.[2] Napakarami nang ginawang pagsusuri upang mabigyan ng solusyon ang mga debateng ito at ang ilan sa mga pag-aaral na ginawa ukol dito ay kina Luzares (1979), Bell (1979), Shibatani (1988), Payne (1994) at Walters (1995). Iba't ibang analisis at teoretikal na balangkas ang kanilang ginamit. Si Luzares ay gumamit ng Case Grammar ni Fillmore na siyang naging batayan niya sa pag-aanalisa ng mga pandiwa sa

SEB. Pareho namang ginamit ni Bell (1979) ang Transformational Grammar (TG) at Relational Grammar (RG). Si Shibatani, sa ibang banda, ay gumamit naman ng *quantitative approach* sa naratibong diskurso upang masukat ang pagkatransitibo ng mga Aktor Fokus (AF) at Gowl Fokus (GF)[3] na konstraksyon sa teksto. Ginamit niya ang ganitong dulog upang maikompara niya ang dalawang konstraksyon na ito at matukoy kung alin sa mga nabanggit na konstraksyon ang mas transitibo o di-transitibo ang gamit at upang matukoy na rin ang fangksyon ng dalawang konstraksyon na ito sa SEB. Ganito din ang layunin ni Payne (1994) ngunit ang kanyang teoryang ginamit ay Functional-Typological Grammar. Ngunit sa kabila ng mga ekstensibong pagsusuri na ito ay nananatili pa ring isang palaisipan ang sistema ng pagpopokus sa SEB at ang usapin ng pagkatransitibo ng mga AF at GF na konstraksyon. Ang pangunahing kontensyon sa pag-aaral na ito ay ang sumusunod: ang mga AF na konstraksyon ay sa katotohana'y maituturing na mga intransitibong konstraksyon, samantalang ang mga GF na konstraksyon ay mga transitibong konstraksyon.

Alinsunod sa mga layunin ng mga nakaraang pag-aaral hinggil sa sistema ng pagfofokus sa SEB, nilalayon ng pag-aaral na ito na: (1) matukoy kung ano ang mga transitibo at di-transitibong konstraksyon sa wikang ito pati na rin ang iba't ibang lebel ng pagkatransitibo ng bawat pangungusap sa wikang ito, at (2) magbigay ng malawakang deskripsyon ng mga semantik koreleyt ng transitiviti sa wikang SEB.

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil napakaimportante ng konsepto ng pagkatransitibo upang maipaliwanag at maunawaan kung paano ang isang istem ay maaring kabitan ng magkakaibang fokus na panlapi sa SEB.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mga datos mula sa mga maiikling kwentong SEB upang mas maipaliwanag nang husto kung kelan at sa anong konteksto ginagamit ang mga AF at GF na konstraksyon at upang magsilbi na ring gabay sa mga awtor kung paano sila magiging mas epektibo sa pagpapahayag ng mga pangyayari sa kwento. Maaari din itong maging gabay sa pagsasalin ng mga teksto mula sa ibang wika patungo sa SEB sa dahilang ang analisis ng mga AF at GF na konstraksyon ay batay sa gamit nito sa mga kwento.

Nakatuon ang analisis ng pag-aaral na ito sa pasulat na kwentong SEB at mula na rin sa aking intwisyon bilang neytiv ispiker. Ginamit bilang batayan sa pag-aaral na ito ang mga naunang pag-aaral (napablis at di-napablis). Ang mga datos na ginamit dito ay mula sa limang (5) maiikling kwento at dalawang (2) mga tig-isang bahagi ng nobela mula sa mga isyu ng *Bisaya Magazine* noong Septyembre hanggang Nobyembre 2001. Ang mga tekstong ginamit ng mananaliksik ay makikita sa Teybol 1 kalakip ang letrang kowd ng mga ito:

Teybol 1. Mga tekstong ginamit pati na ang mga letrang kowd nito

| Titulo | Kowd |
|---|---|
| Ikatulong Mata 'Ikatlong Mata' | $IK_1$ |
| Ikatulong Mata 'Ikatlong Mata' | $IK_2$ |
| Panagkita 'Pagkikita' | PKTA |
| Cellphone 'Cellphone' | CELL |
| Ang Katawa nga Nakapalisang Kaniya 'Ang Tawa na Nakapagpagimbal sa Kanya' | KNK |
| Ang Duha ka Maghahalad ni Dinah 'Ang Dalawang Manliligaw ni Dinah' | DMD |
| Ug Gisungsong Nila ang Habagat 'At Sinuong Nila ang Habagat' | GNH |

Batay sa teorya ng Transitiviti nina Hopper at Thompson (1980) ang pagkatransitibo ay hindi tuwirang paghahati sa pagitan ng transitibo at di-transitibong konstraksyon kundi ito ay isang *continuum* o iskeyl na maaring sukatin batay sa sampung (10) parametrong kanilang inilatag bilang batayan sa pagsukat ng pagkatransitibo ng bawat

konstraksyon. Kung kaya't sa pag-aaral na ito, parehong ginamit ang kwantitatibo at kwalitatibong dulog upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral na ito. Dito'y gumamit ng kwantitatibong pagsukat sa pagtukoy ng iskor ng pagkatransitibo ng mga AF at GF na konstraksyon. Habang kwalitatibong dulog naman ang ginamit upang ipakita kung bakit pinili ng mga awtor na ang isang konstraksyon ay maging GF at ang iba naman ay maging AF, batay sa takbo ng kwento at ang pangunahing motibasyon sa pagpili ng mga alternatibong konstraksyon ay may kinalaman sa pagkatransitibo na siyang importanteng kontribusyon ng pag-aaral na ito.

Naka-enkowd ang bawat kwento sa spreadsheet at nilagyan ang bawat pangungusap ng mga takdang bilang batay sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kwento upang mas madaling hanapin ang mga pangungusap na ginamit bilang mga halimbawa sa pagpapaliwanag ng mga bahagi ng pag-aaral na ito. Matapos mabigyan ng puntos ng pagkatransitibo ang bawat pangungusap, iniayos ang mga ito mula sa pinakamababang antas ng pagkatransitibo hanggang sa pinakamataas upang matukoy kung saang bahagi ng *continuum* nabibilang ang mga ito at kung ano ang mga afiks at pandiwang ginamit sa bawat pangungusap (tingnan ang mga halimbawa ng mga naka-sort nang mga pangungusap sa apendiks B).

Bawat parametro ng transitiviti ay may column sa spreadsheet at ang nasa huling column nito ay ang kabuuang puntos ng pagkatransitibo ng konstraksyon pati na ang mga pandiwa nito. Sinusukat ang pagkatransitibo ng bawat konstraksyon batay sa mga parametro na nasa Teybol 2 sa ibaba at bawat parametro na matatagpuan sa bawat konstraksyon ay binibigyan ng isang (1) puntos. At 0 naman kapag hindi matatagpuan sa konstraksyon ang parametro. Ang kabuuang puntos ng bawat konstraksyon ang nagbibigay ng kwantitatibong sukat ng pagkatransitibo nito. Ang pinaka-minimum o pinakamababang puntos nitong 0 ay nagtatakda ng di-pagkatransitibo ng konstraksyon habang ang 10 puntos naman ang pinakamataas na sukat ng pagkatransitibo ng isang konstraksyon.[4]

Teybol 2. Mga Parametro ng Transitiviti sa SEB batay kina Hopper at Thompson (1980)

| Parametro | Mataas ang Pagkatransitibo | Mababa ang Pagkatransitibo |
|---|---|---|
| A. Participants | 2 or more participants | 1 participant |
| B. Kinesis | Action | State |
| C. Aspek | Telic | Atelic |
| D. Punctuality | Punctual | Non-punctual |
| E. Volitionality | Volitional | Non-volitional |
| F. Affirmation | Affirmative | Negative |
| G. Mode | Realis | Irrealis |
| H. Agency | A high in potency | A low in potency |
| I. Affectedness of P | P totally affected | P not totally/ not affected |
| J. Individuation of P | P highly individuated | P non-individuated |

Upang matukoy ang *average* na iskor ng pagkatransitibo ng mga AF at GF konstraksyon, ginamit sa pag-aaral na ito ang Stem and Leaf Display (SALD) na isang deskriptibong pamamaraan ng istatistiks sa pagbibigay ng deskripsyon ng mga deyta (*Manual for Elementary Statistics*, 2002). Ang pamamaraang ito ng presentasyon ay pinananatili ang aktwal na iskor ng bawat pangugusap at mula dito'y kinuha ang *mean*, *median* at *mode* (tingnan ang Apendiks C para sa detalyadong pamamaraan ng pagsukat ng mga ito) ng AF at GF na konstraksyon upang matukoy kung alin sa dalawang uri ng konstraksyon na ito ang may mas mataas na lebel ng pagkatransitibo. Makikita sa Figyur 1 sa ibaba ang formula upang makompyut ang *mean* at *median*.

***Mean:***

$$\frac{\sum_{i=1}^{n} X_i}{2}$$

Xi = ith na obserbasyon
n = bilang ng obserbasyon

***Median:*** bilang ng obserbasyon

$$\frac{X_{n/2} + X_{n/2+1}}{2}$$ kapag ang *n* ay *even*

$$\frac{X_{n/2+1}}{2}$$ kapag ang *n* ay *odd*

Figyur 1. Formula ng ***mean*** at ***median***

Ang *mean* ay ang pangkalahatang average ng pagkatransitibo ng bawat pangungusap, ang *median* naman ay ang nasa panggitna sa magkakasunod na ayos ng obserbasyon habang ang *mode* naman ay ang obserbasyon na may pinakamaraming bilang.

Sa pagbibigay ng ebalwasyon sa bawat konstraksyon, may mga pagkakataon na may kaunting kaibahan ang paggamit ko sa paglalapat ng mga parametro. Ang mga pagbabagong ito ay tulad ng sa C (Aspect) kung saan tinitingnan na *Telic* ang lahat ng mga pandiwang nasa perpektibong aspek habang *Atelic* naman ang mga pandiwang nasa Imperfektibo at Kontemplatibong Aspek. Ang D (Punctuality) naman ay tinitingnan dito na mas nakatuon sa leksikal na katangian ng bawat pandiwa bagama't hindi na sakop ng pag-aaral na ito ang *lexical transitivity,* na kung saan may mga leksikon na likas nang Pangmatagalan at may mga leksikon naman na likas nang Pangmadalian. Kung kaya't kahit na nasa Perpektibong aspek ang pagkakagamit ng pandiwa ay nakabatay pa rin sa semantiks ng leksikon ang pag-eebalweyt nito tulad ng, i.e. tindak `tadyak' vs. bitbit `bitbit.' Ang H (Agency) naman, ayon kay Hopper at Thompson (273) ay maaaring tingnan batay sa hirarkiya ng pagiging Eyjent ng A tulad ng: 1st person na pronawn > 2nd person na pronawn > 3rd person na pronawn > Personal na Pangalan > Human > Animeyt > Inanimeyt. Sa pag-aaral na ito, hinati lamang sa dalawa ang parametrong H: Animeyt at Inanimeyt. Ang J (Individweysyon) ay maaari pang hatiin bukod sa pagiging Individweyted (definit at referensyal) o Di-individweyted nito. Kapag ang P ay definit ngunit di-referensyal ay binibigyan lamang ito ng 0.5 na puntos.

Bagama't sa mga teksto bilang datos ng pag-aaral na ito ay binubuo ng iba't ibang uri ng pangungusap, nakatuon lamang ang mga analisis sa pag-aaral na ito sa mga simpleng pangungusap o mga *pragmatically neutral* na mga pangungusap. Ibig sabihin, hindi kasama dito ang mga *dependent clause, paragraph-initial* na mga konstraksyon, mga konstraksyon na nagpapakilala ng mga partisipant, mga konstraksyon na patanong; mga relatibong konstraksyon, *topicalized* na konstraksyon at mga *direct quotation.* Ang pag-aaral na ito ay simpleng deskripsyon lamang ng mga semantik koreleyt sa SEB at hindi layunin ng pag-aaral na ito ang gumawa ng kumpletong gramar ng wikang SEB.

**2. Teorya ng Transitiviti nina Hopper at Thompson (1980)**

Ipinapaliwanag ng pahapyaw sa bahaging ito ang kabuuang teoretikal na balangkas na ginamit sa pag-aaral na ito. Tinatalakay din dito ang mga iba't ibang konsepto ng mga terminolohiyang ginamit. Ginamit sa pag-aaral na ito ang teorya ng Transitiviti nina Hopper at Thompson (1980) at nakatulong din ang sintaktik-semantik na *primitives* ni Dixon (1994).

Isa sa mga pinakameyjor na kontribusyon sa lebel ng fangksyonal na gramar ay ang teoryang ito nina Hopper at Thompson (1980). Ang teoryang ito ng pagkatransitibo ay nagmumungkahi ng isang alternatibong pamamaraan upang ipaliwanag ang gamit ng mga fokus na panlapi at mga marker ng keys sa SEB at ang fangksyon nito sa kwentong SEB. Batay sa teoryang ito, transitibo ang isang konstraksyon kapag ang isang aksyon ay matagumpay na nailipat ng semantik eyjent patungo sa semantik peysyent.

Ayon kay Hopper at Thompson ang mga wika ay unibersal na nagtataglay ng mga morfosintaktik na istruktura kung saan masasalamin ang digri ng transitiviti ng isang konstraksyon. Isinasaad sa teoryang ito na ang mga fichur ay masasalamin sa morfosintaks o sa semantiks. Batay sa kanilang pananaw, ang pagkatransitibo ay hindi *dichotomy* kundi isang *continuum* o iskeyl at ang mga konstraksyon ay maaaring sukatin batay sa sampung parametro na makikita sa Teybol 2 sa itaas. Bawat konstraksyon na naglalaman ng mas maraming bilang ng fichur na ito ay mas transitibo kesa sa konstraksyon na mas kaunti.

Batay sa kanilang pag-aaral ng mga iba't ibang wika sa mundo, natuklasan nila na ang mga parametrong ito ay ekstensibo at sistematikong nagko-*CO-VARY*. Mula dito ay nabuo nila ang *transitivity hypothesis* na nagsasabing: '*whenever an obligatory pairing of two Transitivity features occurs in the morphosyntax or semantics of a clause,* THE PAIRED FEATURES ARE ALWAYS ON THE SAME SIDE OF THE HIGH-LOW TRANSITIVITY SCALE (Hopper & Thompson, 1980, p. 254).

Tinitingnan ang mga parametrong ito bilang mga magkakabit na komponent ng isang konstraksyon. Ang teoryang ito ng pagkatransitibo ay tumutukoy lamang sa mga obligatoryong morfosintaktik na pagmamarka o semantikong interpretasyon. Ang konsepto nito bilang paglilipat ng aksyon mula sa Eyjent (A) patungo sa Peysyent (P)[5] ay maaaring himay-himayin at tingnan ang proseso ng paghahatid ng aksyon na binubuo ng magkakaugnay na mga katangian para sa matagumpay na paghahatid ng aksyong ipinapahayag ng konstraksyon. Halimbawa, kapag ang dalawang pangungusap (a) at (b), kapag mas transitibo ang (a) kesa (b) batay sa sampung semantikong parametro, malinaw na makikita ang kaibahang ito sa aspetong gramatikal at semantiks ng konstraksyon. Kaya kapag ang isang pandiwa ay nagsasaad ng telik na aksyon, ipinapalagay din na ang P nito ay nagtataglay ng isa o higit pang fichur ng pagkatransitibo tulad ng Individweysyon at ito ay masasalamin sa morpolohiya ng konstraksyon. Masasalamin din sa morpolohiya ang oposisyon sa magkabilang dulo ng continuum ng mga parametrong ito. Ang mga pandiwa na nasa perpektibong aspek at di-perpektibong aspek, halimbawa, ay hindi magkapareho ng marka.

Kung kaya't ang isang konstraksyon na may iisang partisipant lamang ngunit nagpapahayag ng tunay na aksyon ay maaaring ituring na mas transitibo kesa sa pangungusap na may dalawang partisipant ngunit nagpapahayag lamang ng estadong aksyon.

Sa #2 ay mas malalimang tinalakay ang mga parametrong ito at ang mga korelasyon nito sa isang konstraksyon batay sa konteksto nito sa kwento. Makikitang may mga kaunting modifikasyon na ginawa sa mga parametrong upang lubusang maipaliwanag ang mga semantik koreleyt sa kwentong SEB.

### 3. Mga Sintaktik-Semantik Releysyon ng Verbal na Konstraksyon

Ang teoretikal na balangkas na ginamit para sa fangksyonal na deskripsyon ng morfosintaks ng SEB ay ang sintaktik-semantik na mga *primitive* ni Dixon (1994) na S, A at P.

#### 3.1 Mga Predikeyt at Argyument

Ipinapalagay sa pag-aaral na ito na ang mga verbal na konstraksyon ay binubuo ng predikeytor[6] at isa o higit pang mga argyument.[7] Ang mga argyument ay ang mga itinuturing na *core* NP sa isang konstraksyon habang ang mga NP-argyument naman ay mga *core* NP kalakip ang mga keys marker nito. Ang predikeytor ang siyang nagtatakda ng semantikong relasyon sa mga argyument sa pamamagitan ng mga gramatikal na pagmamarka tulad ng pagkakasunod-sunod ng mga salita, morpolohiya o pagkakasunod ng pandiwa at ng mga argyument nito sa isang konstraksyon.

Dalawang uri ng konstraksyon lamang ang aanalisahin sa pag-aaral na ito: mga konstraksyon kung saan ang predikeytor ay nagtatakda ng iisang obligatoryong argyument lamang o *di-transitibo* at mga konstraksyon na may dalawa o higit pang argyument o *transitibong konstraksyon.* Ayon sa teorya ang mga argyument sa pamamagitan ng sintaktik-semantik na relasyon nito sa pandiwa at ang mga konstraksyon na may dalawang argyument o transitibo ay binubuo ng *Eyjent (A)* (ang tagapagpaganap/tagapagsagawa/kumukontrol/sors ng aksyong ipinapahayag ng predikeyt) at *Peysyent (P)* (ang partisipant na hindi gumaganap, nagpapasimula o kumukontrol ng anumang sitwasyon ngunit siyang direktang dumaranas o nakikinabang ng aksyong ipinapahayag ng predikeyt) katulad ng halimbawa na nasa (1) sa ibaba. Habang ang mga di-transitibong konstraksyon naman ay binubuo ng S (na nasa (2) sa ibaba) na maaaring kumatawan sa mga relasyong pangsemantiko na nakapailalim alinman sa A at P. Kung kaya't maaari itong maging aktor, persiver o expiryenser ng aksyon. Bagama't maaari din itong may peysyent ngunit ito'y di-obligatoryo at kadalasan ay minamarkahan ng oblik[8] na marker. Ang mga halimbawa na nasa ibaba ay mula kay Palmer (1994, p. 4):

(1) The boy chased the dog with a stick.
    A P Obl

(2) The dog was chased by the boy.
    S Obl

Ang predikeytor sa (1) ay *chased* kung saan ang sabjek nito ay ang *the boy* at ang predikeyt nito ay ang *the dog.* Ang predikeytor na *chased* ay may dalawang core NP-argyument dahil sa ito ay may sintaktik-semantik releysyon sa sabjek nitong *the boy* kung kaya't ito ay A at sa objek nitong *the dog* kung kaya't ito ay P habang sa NP naman na *with a stick* ay wala kung kaya't ito'y Oblik. Sa pangungusap naman sa (2) ang predikeytor na *was chased* ay may iisang core NP-argyument lamang sa sabjek nitong *the dog* habang ang NP naman na *by the boy* ay Oblik. Ang pangungusap sa (1) ay halimbawa ng isang transitibong konstraksyon habang ang sa (2) naman ay halimbawa ng isang di-transitibong konstraksyon.

#### 3.2. Mga gramatikal rowl at semantik (nosyonal) rowl

Ang mga gramatikal rowl ay gramatikal na ekspresyon ng mga semantik rowl at matutukoy ang mga ito sa pamamagitan ng gramatikal na pagmamarka. Mahalagang magkaroon ng pagtatangi sa pagitan ng semantik rowl at gramatikal rowl sa dahilang mas gramatikal at mas madaling maikukumpara ang mga katangian ng pagmamarka ng mga wika

sa pamamagitan ng mga gramatikal rowl habang ang mga semantik rowl naman ay itinuturing na mga ispesipikong katangian ng bawat wika sa pagpapahayag ng mga semantikong kahulugan ng bawat gramatikal rowl. Sa ganitong pananaw, ipinapalagay din na walang one-to-one na pagtutugma ang form at kahulugan kung kaya't ang mga gramatikal rowl ay itinuturing na isa sa mga ekspresyon ng gramar ng mga argyument sa isang konstraksyon habang ang mga semantik rowl naman ay mas ispesipiko at nakadepende sa katangian, konsepto o pananaw sa mundo ng mga taong nagsasalita ng wika.

### 3.2.1 Mga Gramatikal Rowl

Dalawa ang itinuturing na mahahalagang gramatikal rowl sa pag-aaral na ito: ang A at P para sa mga transitibong konstraksyon. Sa pag-aaral na ito ang Benefisyari, Instrumental at Lokativ ay maisasahalintulad din sa katangian at fangksyon ng mga semantik rowl na pumapailalim sa P.

Ang S naman sa kabilang banda, ang nag-iisang argyument at gramatikal rowl ng isang di-transitibong pangungusap. Ang bawat sintaktik-semantik na gramatikal rowl na ito ay may iba't ibang nosyonal na konsepto o semantik rowl sa bawat wika na ipapaliwanag sa susunod na bahagi.

### 3.2.2 Mga Semantik Rowl

Napakahaba ng listahan ng mga semantik rowl sa Case Grammar sa dahilang nilalayon nitong maistablisa ang mga unibersal na semantik rowl. Ngunit mahirap makabuo ng gramatikal na relasyon sa ganitong sistema ng analisis sa dahilang bawat wika ay may kanya-kanyang sistema ng pagkokowd at pagpapahayag ng mga semantik rowl. Bilang tugon dito, tinitingnan sa pag-aaral na ito ang S, A at P bilang mga sintaktik-semantik na mga gramatikal rowl na may relatibong pagmamapa sa mga semantik o nosyonal rowl tulad ng mga keys rowl.

Bukod pa sa mga prototipikal na sakop na eyjent at peysyent ng A at P, maaari ding sakupin ng A ang mga nosyon na dumaranas at tagapagsagawa ng aksyon o *expiryenser* at *persiver* (ang entidad na dumaranas at tagapagsagawa ng persepsyong ipinapahayag ng predikeyt). Ang ganitong klase ng mga entidad ay tagapagsagawa ng aksyon ngunit di-sadya at di-boluntaryo. Sa kabilang banda, ang P naman ay maaaring sakupin ang mga nosyon na peysyent, gowl, perceived, benefisyari, instrumental at lokativ sa SEB.

Ang S naman sa kabilang banda, ay maaaring isailalim ang alinman sa mga semantik o nosyonal rowl ng A at P.

## 4. Ang Fokus sa SEB

Ang mga fokus na panlapi para sa pag-aaral na ito ay mula sa konsepto nina Schachter at Otanes (1972) ng mga AF at GF na konstraksyon. Ito ay isang fichur ng verbal na predikeyt na tumutukoy sa pangsemantikong relasyon ng pandiwa at ng tapik[8] nito. Naipapakita ito sa pamamagitan ng taglay na afiks ng pandiwa. Halimbawa, may mga afiks na kapag ikinabit sa pandiwa ay nagkokoreleyt sa tapik (o ang argyument na minamarkahan ng *ang*) na nagpapahayag ng tagapagsagawa ng aksyon habang may iba namang afiks na kapag ikinabit sa pandiwa ay nagkokoreleyt sa tapik na nagpapahayag ng gowl ng aksyon.

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito ang mga predikeyt na minamarkahan ng *mi-/ni-~m-/n-repleysiv*[9] ay mga AF na konstraksyon habang ang mga minanamarkahan naman ng *i-*, *-un* at *–an* ay mga GF na konstraksyon.

**4.1 Aktor Fokus (AF).** Ang mga panlaping pang-aktor fokus sa SEB ay *mi-/ni-~m-/n-repleysiv*. Ang *mi-/ni-* ay panlapi na ginagamit para sa mga salitang-ugat habang ang varyant nitong *m-/n-repleysiv* ay ikinakabit sa mga istem-forming na panlaping *pag-*, *pang-*, *ka-* at *paka-*. Ayon kay Schachter at Otanes (69) ang mga pandiwa na minamarkahan ng *–um-* sa Tagalog ay may semantikong relasyon sa argyument na nagpapahayag ng tagapagsagawa o tagapagpaganap (aktor) ng aksyon. Sa pag-aaral na ito, hindi lamang sa nagpapahayag ng tagapagsagawa ng aksyon kundi pati na rin sa argyument na may semantik rowl na *persiver* at *ekspiryenser* depende sa semantikong kahulugan ng predikeyt. Naka-italics ang mga halimbawang argyument sa ibaba:

(8) *Mi*-kawas *si Mr. Viajante* gikan sa kotse. (CELL: 203)
*AF-PT+baba S mula Obl kotse*
`Bumaba si Mr. Viajante mula sa kotse.'

(9) *Nag*-padayon sa pagpangatahoran *si Edgardo* didto sa may nataran.
*AF-IMPT+patuloy ng pagkatok S doon sa may hagdan*
`Nagpatuloy sa pagkatok si Edgardo sa may hagdan.' (DMD: 050)

Ang predikeyt sa (8) ay minamarkahan ng AF na panlaping *mi-* at ang kakorelasyong argyument nito na *si Mr. Viajante* ay minamarkahan ng Abs na *si*. *Si Mr. Viajante* dito ay may semantik rowl na aktor dahil ang argyument na ito ay isang tunay na tagapagsagawa ng aksyon na isinasaad ng predikeyt. Ganoon din ang semantik rowl ng argyument na *si Edgardo* sa (9) kung saan ang pandiwang *padayon* ay minamarkahan ng aspektwal na panlaping *n-repleysiv* at istem-forming na panlaping *pag-*.

Sa mga halimbawa naman sa (10) at (11) sa ibaba, ang mga predikeyt ay minamarkahan ng aspektwal na panlaping *n-repleysiv* at istem-forming na panlaping *pang-* sa (10) at *ka-* naman sa (11). Dito, ang mga argyument na *ang mga santol* at *ang awtong ilang gisakyan* ay maituturing na may mga semantik rowl na ekspiryenser sa dahilang wala silang kontrol sa aksyong ipinapahayag ng predikeyt habang direkta nilang dinaranas ito.

(10) *Nang*-ahulog *ang mga santol* sa atop.
*AF-PT-Pl+hulog pl S sa bubong*
`Nahulog ang mga santol sa bubong.'

(11) *Na*-bangga *ang awtong ilang gisakyan.*
*AF-PT+St+bangga S . na kanilang sinasakyan*
`Nabangga ang kotseng sinasakyan nila.'

Ang argyument naman na *siya* sa konstraksyon sa (12) ay isang halimbawa ng semantik rowl na persiver. Ang predikeyt nito ay minamarkahan ng aspektwal na panlaping *m-repleysiv* at istem-forming na panlaping *paka-* kung saan wala ring kontrol sa aksyon ang kakorelasyong argyument nito at sa halip ay pumapatungkol ito sa persepsyon ng persiver at sa kakayahan nitong makakita o makahanap.

(12) *Maka*-kita ra *siya*g maayong pamanhunon.
*AF-FT-St+hanap din S ng mabuting mapapangasawa*
`Makakahanap din siya ng mabuting mapapangasawa.'

**4.2 Gowl Fokus (GF).** Batay sa analisis nina Schachter at Otanes (70), ang mga predikeyt na minamarkahan ng panlaping *–in* ay may kakorelasyon sa argyument na may semantik rowl na gowl. Sa pag-aaral na ito, ang mga gowl fokus na panlapi sa SEB ay *i-*, *-un* at *–an*. Ang kakorelasyong argyument ng panlaping ito ay may semantik rowl na *peysyent, gowl, ekspiryenser, benefisyari, instrumental*, at *lokativ* depende sa kahulugan ng predikeyt.

Isang prototipikal na halimbawa ng kakorelasyong argyument ng predikeyt sa isang GF na konstraksyon ang nasa (13) na *ang ilang bukag*. Dito, minamarkahan ang pandiwa ng *–un* at ang kakorelasyong argyument nito ay may semantik rowl na *peysyent* sa dahilang ito ang dadanas ng pisikal na aksyong ipinapahayag ng predikeyt. May semantik rowl naman na *instrument* sa naka-embed na konstraksyon ang kakorelasyong argyument ng fokus na panlaping *–an* na *ang ilang bukag* sa dahilang ito ang siyang lumilitaw na direktang apektado ng pisikal na aksyong ipinapahayag ng predikeyt bilang bagay na ginamit upang pagsidlan ng baon ng A.

(13) $[_1$[…Ug bitbit-*un* na lang nila *ang ilang bukag*]
*…at GF-KTD+bitbit na lang A P na kaing*

$_2$[nga *gi*-sudl-*an* sa balon.]]
*na PT+lagay+GF ng baon*
'…At bibitbitin na lang nila ang kanilang kaing na pinaglagyan ng baon.'

Ang kakorelasyong argyument naman na *ko* sa (14) ay may semantik rowl na benefisyari. Ang predikeyt sa konstraksyong ito ay minamarkahan ng fokus na panlaping –*an* at aspektwal na panlaping *gi-* na nangangahulugang ipinagluto ng A ang P. Dito ay ganap na nakinabang ang P sa aksyong ginawa ng A.

(14) *Gi*-lutu-*an* *ko* sa akong mama ug lamiang bingka.
*PT-lutu-GF A P ng masarap na bibingka*
'Ipinagluto ako ng nanay ko ng masarap na bibingka.'

Bagama't ang P ay nauuna sa A sa konstraksyong ito, ngunit ang panlaping *–an* ang nagsasabing ang *ko* ang *benefisyari* at ang *sa akong mama* ang tagapagsagawa ng aksyon.

Ang fokus na panlaping *–un* sa (15) sa ibaba ay nagbibigay naman ng semantik rowl na *gowl* sa argyument na *si Dinah.* Ang konstraksyong ito ay nagbibigay ng konteksto na ang A (Manang Chita) ay pupunta sa P (Dinah) dahil meron siyang kailangan mula dito.

(15) Adtu-*un* ni Manang Chita *si Dinah* aron pangutan-un
*GF-KTD+punta A Dinah upang tanungin*
mahitungod sa nahitabo.
*hinggil sa nangyari*
'Pupuntahan ni Manang Chita si Dinah upang tanungin hinggil sa nangyari.'

Sa konstraksyon sa (16), may *lokativ* na semantik rowl naman ang argyument na *ang restawran* kung saan ang fokus na panlaping *–an* ay nangangahulugang lugar na ginanapan ng aksyon ang nasa P-argyument.

(16) *Gi*-kan-*an* nila gahapon *ang restawran* diha sa mirkado.
*PT+kain+GF Pl A kahapon P diyan sa palengke*
'Kinainan nila kahapon ang restawran diyan sa palengke.'

Sa (17), ang kakorelasyong argyument (*ang nangulitawo kaniya*) ng predikeyt na minamarkahan ng fokus na panlaping *–an* ay may semantik rowl na *experiencer*. Ito ay nangangahulugan na dumaranas ang P ng aksyon mula sa A na hindi pisikal ngunit apektado pa rin ito sa lebel na sikolohikal.

(17) *Gi*-likay-*an* na lang niya *ang nangulitawo kaniya.*
*PT+iwas+GF na lang A P sa kanya*
'Iniwasan na lamang niya ang nanliligaw sa kanya.'

Ang tanging suliranin ngayon ay kung paano iaaplay ang teoryang ito sa SEB. Ang susunod na kabanata ay tatalakay sa mga pag-aaral na nagawa na hinggil sa pag-aaral na ito bago pa talakayin ng mas malaliman sa susunod pang mga kabanata ang paglalapat ng teorya sa wikang pinag-aaralan.

**5. Mga Semantik Koreleyt ng Pagkatransitibo sa mga Kwentong SEB**

Ang mga konstraksyon na naaayon sa mga semantikong parametro na nasa kategorya ng *Mataas na Pagkatransitibo* sa Teybol 2 ay transitibong konstraksyon. Ayon kina Hopper at Thompson (1980) sa teorya nilang ito, bawat semantikong parametro ay pinaniniwalaang masasalamin sa gramar ng bawat wika sa mundo. Itinuturing na may sistematikong korelasyon ang mensahe at pagkokowd sa sintaks. Samakatuwid, mas makatotohanan at magiging balido ang paglalarawan ng istruktura kung ito'y tinitingnan at maipapaliwanag sa punto de vista ng kontekstong pangdiskurso.

Napakalinaw sa mga kwentong SEB na malaki ang papel na ginagampanan ng konteksto sa istruktura nito. Mapapansin din na ang nosyon ng pagkatransitibo ay may mahalagang papel na ginagampanan upang maipaliwanag ang sistema ng pagmamarka ng mga panlapi sa pandiwa at gayundin ang sistema ng pagmamarka ng mga keys sa nominal.

Makikita sa Teybol 3 sa ibaba ang pangkalahatang *mean* ng mga Transitiviti Iskor sa mga AF, GF at Negatibong konstraksyon sa kwentong SEB. At batay sa resulta ng ebalwasyon ng mga konstraksyon, lumilitaw na mas mataas ang pagkatransitibo ng mga GF na konstraksyon na may kabuuang *mean* iskor na 7.27 kesa sa mga AF na konstraksyon na may kabuuang *mean* iskor na 4.7 lamang.[10] Malinaw din na makikita sa Teybol na ito na may pinakamababang iskor ng transitiviti ang mga negatibong konstraksyon. May mga bahagya ding modifikasyon upang mas maipaliwanag ang mga aplikasyon ng mga parametro sa SEB. Ang mananaliksik ukol sa depinisyon ng bawat parametro batay sa aplikasyon nito sa datos upang mas maipaliwanag ang mga parametro batay sa SEB. Dagdag dito, ipinakita ko kung paano nagkakaiba ang kahulugan ng isang konstruksyon kung papalitan ang AF na panlapi ng GF na panlapi at vice versa. Naka-*italics* ang mga panlapi at pandiwa na itinutukoy bilang mga halimbawa sa pagtatalakay sa ibaba pati na rin ang mga literal na pagsasalin ng mga halimbawa samantalang naka-*single quotation* naman ang mga natural na pagsasalin ng buong bahagi ng teksto na ginawang halimbawa.

Teybol 3. Mean ng mga Transitiviti Iskor sa mga Kwentong SEB

| *Mga datos* | AF | GF | Neg |
|---|---|---|---|
| **Kwento 1. PKTA** | 4.35 | 7.08 | 2.5 |
| **Kwento 2. CELL** | 4.2 | 6.6 | 2.5 |
| **Kwento 3. $IK_1$** | 5 | 7.23 | 2.5 |
| **Kwento 4. KNK** | 4.46 | 7.5 | 5 |
| **Kwento 5. DMD** | 5 | 7.05 | 4.4 |
| **Kwento 6. $IK_2$** | 4.85 | 7.58 | 2 |
| **Kwento 7. GNH** | 5.04. | 7.88 | 3 |
| **Total** | **32.9** | **50.92** | **21.9** |
| **Pangkalahatang *Mean*** | **4.7** | 7.27 | **3.12** |

**5.1 Mga Partisipant.** Matagumpay na naililipat ang isinasagawang aksyon kung may dalawa o higit pang kalahok sa aksyong isinasaad ng predikeyt: isang tagapagpaganap, kumukontrol, pinanggalingan, persiver o expiryenser na argyument (A) at isang argyument (P) na naaapektuhan, nakikinabang o tumatanggap at walang kontrol ng aksyon. Kaugnay din nito ang pagiging animeyt ng partisipant na eyjent sa aksyong isinasaad ng predikeyt.

Sa pagbibigay ng puntos sa mga konstraksyon para sa parametrong ito, binibigyan ng isang (1) puntos kapag dalawa ang argyument ng konstraksyon at wala (0) namang puntos kapag iisa lamang ang argyument.

GF ang konstraksyon na ginamit sa isang bahagi ng teksto tulad ng nasa (18) dahil sa bahaging ito ng kwento, nais ng mga magulang ni Mirasol (A) na dalhin siya (P) at itago upang di na makitang muli ng kasintahan nito. Dahil sa ganitong konteksto, itinatakda ng sitwasyon na literal na madala ng kanyang mga magulang si Mirasol kung kaya't siya ay masasabing direktang inaapektuhan ng kanyang mga magulang na may A-fangksyon habang si Mirasol naman na may P-fangksyon.

(18) Wala malilong sa mga ginikanan ni Mirasol ang tinago-tagong pagpakigtagbo
*hindi nalingid sa mga magulang ni Mirasol ang palihim na pakikipagtagpo*

sa dalaga sa iyang hinigugma. Ug luyo sa maong kasayoran, mibiya ang
*ng dalaga sa kanyang minamahal at likod sa gayong kaalaman umalis ang*

magtiayong Rosita ug Tibong sa ilang pinuy-anan.
*mag-asawang Rosita at Tibong sa kanilang bahay*

*Gi-dala* nila ang ilang bugtong anak nga dalaga na si Mirasol
GF-PERF+dala A ang P

ug mitabok pagpuyo sa laing dapit nga wa masayod ang mga paryente ug
*at tumawid pagtira sa ibang lugar na hindi alam ang mga kamag-anak at*

mga silingan. (PKTA: 075)
*mga kapitbahay*

'Hindi nalingid sa mga magulang ni Mirasol ang palihim na pakikipagtagpo ng dalaga sa kanyang minamahal. At dahil dito'y umalis ang mag-asawang Rosita at Tibong sa kanilang tinitirhan.

Dinala nila ang kanilang kaisa-isang anak na dalaga na si Mirasol at tumawid upang manirahan sa ibang lugar na walang kamag-anak man o kapitbahay ang nakakaalam.'

Masasabi ngang transitibo ang mga GF na pangungusap dahil dalawa ang argyument na kalahok ng aksyon sa pangungusap na ito at gayundin sa (19) sa ibaba. Dagdag pa rito, parehong animeyt (isa pang parametro na ipapaliwanag sa bandang hulihan ng bahaging ito) ang A at P na kasangkot sa aksyon kung kaya't pisikal na apektado ng A ang P.

Sa konteksto ng (19a) sa ibaba, kakikitaan ng ganap na kontrol at pag-apekto ng A sa P.

(19) (a)Sa walay kahimungawong, nakita ni Demos ang iyang kaugalingong
*at walang kaabog-abog nakita ni Demos ang kanyang sarili na*

lawas nga naghigda ibabaw sa operating table. *Gi*-atiman
*katawan na nakahiga ibabaw ng operating table GF- IMPT+asikaso*

gihapon siya ni Dr. Tan ug sa mga sakop niini. ($IK_1$: 030)
*pa rin P ni A at ng mga sakop nito*

'At walang kaabog-abog, nakita ni Demos ang sarili niyang katawan na nakahiga sa ibabaw ng operating table. Inaasikaso pa rin siya ni Dr. Tan at mga kasamahan nito.'

Samantala, sinubukan kong palitan ang GF na panlapi sa (19a) ng AF na panlapi na nasa (19b). Pansinin na ang pagsasalin nito sa Filipino ay nasa GF dahil hindi gramatikal ang nasa AF na konstraksyon nito na may predikeyt na '**umasikaso*'.

(b) *Mi*-atiman gihapon kaniya si Dr. Tan ug mga sakop niini.
*AF-PERF+asikaso pa rin sa kanya* $S_a$
'Inaasikaso pa rin siya ni Dr. Tan at mga kasamahan nito.'

Dito, nakahiga si Demos (P), ang pasyente, sa operating table habang inaasikaso ni Dr. Tan na nasa A-fangksyon upang mailigtas ang buhay nito. Nagpapatunay ito na ang A ang kumukontrol at direktang tagapagpaganap ng aksyon habang ang P (siya=Demos) naman ang direktang apektado at nakinabang ng aksyon. Masasabi din sa kontekstong ito na walang kontrol ang P sa mga nangyayari sa kanya. Habang sa kabilang banda, ang AF naman na nasa (19b) ay di nakasaad kung matagumpay at lubos ngang naasikaso ang peysyent kung kaya't ang 'eyjent' dito'y inaanalisa ko na isa lamang na S habang ang 'peysyent dito'y isang Oblik. Ito'y nagpapakahulugan na maaaring likas lang talagang matulungin ang S na kahit anong mangyari at kahit anong kamalian na nagawa laban sa kanya ng peysyent ay inasikaso pa rin niya ito.

Kung pagkukumparahin naman natin ang mga konstraksyon sa (20), masasabing transitibo ang nasa (20a) na may predikeyt na *gi-husay* kesa sa counterpart nito sa (20b) na *mi*-husay. Ang (20a) ay transitibo sa dahilang ito ay may dalawang argyument: *ni Dr. Tan* na nasa A-fangksyon at *mga bayranan* na nasa P-fangksyon habang ang predikeyt naman na

*nang*-hipos ay di-transitibo at may iisang argyument lamang, ang *sila* kung ikukumpara sa (20c). Sa tagpong ito, nagliligpit (*nang*-hipos) na sina Demos at mga magulang nito ng kanilang mga gamit bilang paghahanda ng kanilang paglabas sa ospital. Dagdag pa rito, bilang katunayan na sila'y handa nang umuwi ay sinasabing inayos (*gi*-husay) na kahapon ni Dr. Tan ang lahat ng kanilang babayaran.

(20) (a) *Nang*-hipos na sila sa ilang mga dad-onon ug mga gamit alang sa
*AF-IMPT+liligpit na sila sa kanilang mga dadalhin at mga gamit para sa*

pagpauli sa Sta. Ines. *Gi*-husay na usab ni Dr. Tan ang mga bayranan
*pag-uwi sa Sta. Ines GF-PT+ayos na rin ni A ang mga P*

nila sa ospital kagahapon. Walay bisan usa ka dako nga migula
*nila sa ospital kahapon walang kahit isa na sentimo na lumabas*

gikan sa bolsa sa magtiayon nga Ompong ug Pilang sa pagpatambal
*mula sa bulsa ng mag-asawa na Ompong at Pilang sa pagpapagamot*

kang Demos. Nagpasalamat silag dako kaayo sa mananambal.
*kay Demos nagpapasalamat sila ng napakalaki sa manggagamot*
(IK$_2$: 001)

'Nagliligpit na sila ng kanilang mga dadalhin at mga gamit para sa kanilang pag-uwi sa Sta. Ines. Inayos na rin ni Dr. Tan ang mga bayaran nila sa ospital kahapon. Wala ni isa mang sentimong binayaran ang mag-asawang Ompong at Pilang sa pagpapagamot kay Demos. Malaking pasasalamat nila sa manggagamot.

Ang predikeyt na nasa (b) sa ibaba na *mi*-husay, bukod sa ito ay may iisang argyument lamang, ito ay nangangahulugan din na di-tiyak kung kelan nangyari ang aksyon sa nakaraan at kung ilang beses. Ganito din ang kontekstong ibig ibigay ng AF na predikeyt na *nang*-hipos kung saan, walang tiyak na mga gamit ang tinutukoy sa kanilang pagliligpit.

(b) *Mi*-husay na usab si Dr. Tan sa mga bayranan nila sa ospital.

(c) *Gi*-panghipos na nila ang ilang mga dad-onon ug mga gamit...

Sa kaso naman ng mga estadong predikeyt na katulad ng nasa (21) at (22), lumilitaw na mas transitibo pa rin ang estadong ipinapahayag ng mga predikeyt na nasa GF na konstraksyon na may dalawang argyument kesa sa AF na may iisa lang. Sa (21a) ang predikeyt na *na*-hasiga 'nandilat' ay may iisang argyment lamang at nangangahulugang di-sadya at kusang dumadanas lamang ng aksyon ang S. Ang GF na konstraksyon naman nito na nasa (21b) ay may dalawang argyument: *naku* (A) at *akong mga mata* (P) at nangagahulugan na sinadya ang aksyon at pisikal na apektado ang P.

(21)(a) "Suko kaayo siyang tan-awon. Ug kalit nga gituklod niya ang palid
*galit masyado siyang tingnan at bigla na itinulak niya ang takip*

sa pultahan. Naabli. Ania ako sa iyang luyo..."
*ng pintuan nabuksan nandito ako sa kanyang likuran*

Apan wala akoy nadungog nga tubag gikan kang Misis Viajante.
*Ngunit wala akong narinig na sagot mula kay Mrs. Viajante*

*Na*-hasiga ang akong mga mata!
*AF-PERF+dilat ang S*

Gition ni Mr. Viajante ang armas ngadto sa iyang asawa. (CELL: 214)
*Itinutok ni Mr. Viajante ang armas doon sa kanyang asawa*

`Galit na galit ang kanyang anyo. At biglang itinulak niya ang saraduhan ng pinto. Nabuksan . Nandito ako sa kanyang likuran..."
Ngunit wala akong narinig na tugon mula kay Mrs. Viajante. Nandilat ang aking mga mata!
Itinutok ni Mr. Viajante ang kanyang armas sa kanyang asawa.'

(b) *Gi*-pasiga nako ang akong mga mata!
*GF-PERF+padilat A P*
`Ipinadilat ko ang aking mga mata!'

Ganito din ang pagkakaiba ng GF at AF na konstraksyon sa (22). Ang predikeyt na *na*-sugat-*an* `nasalubong' sa (22a) ay nangangahulugang may tiyak siyang P (si Irma) na nasalubong habang sa (22b) naman ay isang di-tiyak na babae at minamarkahan ito ng oblik na *ug*.

(22)(a) Mitindog si Dr. Tan gikan sa ilang gilingkoran nga bangko sa lobby sa
*tumayo si Dr. Tan mula sa kanilang kinauupuan na upuan sa lobby sa*

ospital , ug iyang gisusi unsay nahitabo. Nagpabilin sila ni Demos ug
*ospital at kanyang siniyasat anong nangyari nagpaiwan sila ni Demos at*

iyang mga ginikanan nga naglingkod.
*kanyang mga magulang na nakaupo*

Igo ra pagpaniid sa palibot sanglit nagpasulabi sa ilang mga
*tama lang pag-obserba sa paligid dahil nananaig sa kanilang mga*

kahiladman ang pagpauli. *Na*-sugat-*an* didto sa mananambal si
*isipan ang pag-uwi GF-PERF+salubong doong ng A si*

Irma nga mo-report na sa trabaho ug misugilon kaniya nga gitulis
*P na magre-report na sa trabaho at nagkwento sa kanya na hinoldap*

ang tambalanan kagahapon sa hapon ug gipatay ang kahera. ($IK_2$: 019.1)
*ang ospital kahapon ng hapon at pinatay ang kahera.*

`Tumayo si Dr. Tan mula sa kanilang kinauupuan sa lobby ng ospital, at tiningnan niya kung anong nagyari. Nagpabilin sila ni Demos at kanyang mga magulang na nakaupo.

Inobserbahan lang nila ang paligid sa dahilang mas nananaig ngayon sa kanilang isipan ang pag-uwi. Nasalubong ng manggagamot si Irma na

magre-report na sa trabaho at nagkwento sa kanya na hinoldap ang ospital kahapon ng hapon at pinatay ang kahera.'

(b) *Naka*-sugat didto ang mananambal ug babayi.
*AF-PERF+salubong doon S oblik*
'Nakasalubong doon ang manggagamot ng babae.'

Ang susunod na parametro ay malaki ang kaugnayan sa pagpapahayag ng mga mga tunay na aksyon o estado. Kadalasan, halimbawa, ang lahat ng mga aksyon o pangyayaring *sadya* ay tunay na aksyon o Kinetik habang ang mga estado namang pangyayari ay walang sikap o kusa lamang na ginagawa o nangyayari sa mga argyument.

**5.2 Kinesis: Aksyon o Estado.** Mas transitibo ang pangungusap kung ang pandiwa ay tunay na aksyon o Kinetik. Ang mga pandiwa na nagpapahayag ng persepsyon[11] o sikolohikal na estado ay hindi direkta o walang pisikal na epekto sa peysyent. Kalakip din sa konsepto ng mga pangyayaring estado at tunay na aksyon ang boluntaryo, may kontrol o *sadya* na pagsasagawa ng A sa aksyon bago niya ito maipasa sa P. (Ang konseptong ito ng aksyong *sadya* ay malalimang ipapaliwanag sa bahaging 5.5). Kapag di-boluntaryo ang pangyayari, ang eyjent na siyang tagapagpaganap at pati na rin ang peysyent ay sasailalim sa estadong ipinapahayag ng pandiwa. Tulad nga ng sinasabi sa (1) sa itaas, mas matingkad ang kahulugan ng predikeyt kung tunay itong aksyon dahil sa muvment ng A patungo sa P. At sa tagpong ito tiyak talaga nilang dinala ang kanilang anak na si Mirasol (P) mula sa kanilang bayan patungo sa ibang lugar upang itago kung kaya't ang aksyon ay ganap na may pisikal na epekto sa P.

Sa bahaging ito ng teksto sa (23a) sa ibaba, isang kaluluwa na lamang si Demos at nais niyang ipahiwatig at kunin ang atensyon ni Dr. Tan at mga kasama nito na siya ay buhay pa kung kaya't kinalabit (*gi*-kuhit) at hinawakan (*gi*-gunit-*an*) niya ito na mga pandiwang parehong nagpapahayag ng tunay na aksyon at sinadya habang ang mga predikeyt naman na *na*-kuhit-*an* 'nakalabit' at *na*-gunit-*an* 'nahawakan' sa (23b) ay nagpapahayag ng mga estado at di-sinadyang aksyon.

(23)(a) "Ang buot mong ipasabot, Doktor, patay na siya?" miisa ang mga kilay
*ang ibig mong sabihin Doktor patay na siya tumaas ang mga kilay*

ni Dr. Mendoza.
*ni Dr. Mendoza*

Miyango si Dr. Tan.
*tumango si Dr. Tan*

"Dili ko patay!" misinggit si Demos. "Nakadungog mo, dili ko patay!"
*hindi ako patay sumigaw si Demos naririnig nyo, hindi ako patay*

Apan wala siya mabati sa mga mananambal ni sa mga nars nga diha sa
*ngunit hindi siya narinig ng mga manggagamot ni ng mga nars na nasa*

duol. Miduol siya kang Dr. Tan. Iyang *gi*-kuhit
*malapit AF-PERF+lapit S kay Dr. Tan kanyang GF-PERF+kalabit*

ang walang abaga. Wala niya maabot. Miduol pa gayod siya ug
*ang P hindi niya maabot AF-PERF+lapit pa talaga S at*

*gi*-gunit-*an* Ø ang mao gihapong abaga. Apan wala niya matandog
*GF-+hawak+-an A ang P ngunit hindi niya mahawakan*

ang mananambal bisan misaylo na ang iyang kamot. Ingon ug wala
*ang manggagamot kahit lumampas na ang kanyang kamay parang wala*

siya sa iyang lawas. ($IK_1$: 071)
*siya sa kanyang katawan*

"Ang ibig mong sabihin, Dr., patay na siya?" tumaas ang mga kilay ni Dr. Mendoza.
Tumango si Dr. Tan.

"Dili ko patay!" sumigaw si Demos. "Narinig n'yo, hindi ako patay!" Ngunit hindi siya narinig ng mga doctor ni ng mga nars na nasa malapit lang. Lumapit siya kay Dr. Tan. Kinalabit niya ang kaliwang balikat nito. Hindi niya naabot. Lumapit pa siya at hinawakan ang kaliwa pa ring balikat na iyon. Ngunit hindi niya matinag ang Doktor kahit lagpas na ang kanyang kamay. Parang wala siya sa kanyang katawan.'

(b) Miduol siya kang Dr. Tan. Iyang *na*-kuhit-*an* ang walang abaga.
*lumapit siya kay Dr. Tan A PERF+kalabit-GF P*

Miduol pa gayod siya. Iyang *na*-gunit-*an* ang mao lang gihapong abaga.
*Lumapit pa talaga siya A PERF+hawak-GF P*

Dagdag pang halimbawa, tunay na aksyon pa rin at direktang naaapektuhan ng aksyon ng A ang P kahit na ang nahuli ay di-animeyt katulad ng nasa (24) dahil malinaw sa konteksto na inilalarawan ang ginagawang pagsalba ni Dr. Tan sa nag-aagaw-buhay na si Demos sa loob ng emergency room. Inilalarawan dito ang isang tiyak at tunay na aksyon.

(24)(a) "Ang *respirator*, dali," mimando na usab si Dr. Tan ngadto sa usa ka
*Ang respirator dali nagmando na naman si Dr. Tan doon sa isang*

nars. Gipanganga ni Dr. Tan ang baba ni Demos ug *gi*-suksok-*an*
*nars Pinanganga ni Dr. Tan ang bibig ni Demos at GF+pasak+an*

niadtong himan nga morag tubo paingon sa baba.
*noong gamit na parang tubo papunta sa lalamunan*

Wala makasabot si Demos sa iyang nakita. Ug sa daklit lang,
Hindi maintindihan si Demos sa kanyang nakita at sa bigla lang

mao nay iyang hiamgohan nga mikalit lang kangiob. ($IK_1$: 096)
*siya nang kanyang namalayan na bigla lang dumilim*

'"Ang respirator, dali," nag-utos muli si Dr. Tan doon sa isang nars.
Pinanganga ni Dr. Tan ang bibig ni Demos at pinasakan noong instrumento na parang tubo papunta sa lalamunan.
Hindi naintindihan ni Demos ang kanyang nakikita. At sa ilang sandali pa, namalayan na lang niya na bigla na lang lumabo ang paligid.'

Sa kabilang banda naman, kasalungat ng pagiging tunay na aksyon ang konstraksyon sa (24b) sa ibaba. Ang predikeyt ay minamarkahan ng istem-forming na panlaping *ka-* at aspektwal afiks na *n*-repleysiv at fokus na panlaping *–an* at ito'y nangangahulugan na aksidente lamang o di-sinasadyang napasakan ng gamit na parang tubo ang bibig ng pasyente.

(b) ...ug *na*-suksok-*an* niadtong himan nga morag tubo paingon sa baba...
'...at napasakan noong himan na parang tubo papunta sa bibig...'

Ang mga susunod pang mga konstraksyon sa (25) hanggang (26) ay dagdag pang mga halimbawa ng kaibahan ng mga predikeyt na nagpapahayag ng tunay na aksyon at mga predikeyt na nagpapahayag ng estadong aksyon.

Nagpapahayag ng tunay na aksyon ang nasa (25) sa dahilang bukod sa ito ay sinadyang aksyon, may dalawang argyument din ang konstraksyong ito. Kahit na nasa empty na kategorya (Ø) ang A ay masasabi sa konteksto na *given* na ito at may P *(maong anunsyo* 'anunsyong iyon') na minamarkahan ng *ang* at siyang direktang tumatanggap ng aksyon. Sa kwento, narinig ng mga magulang ni Demos na inanunsyo ang pangalan nito sa loud speaker. At ito ay *sadyang* inulit pa upang siguradong marinig ng kinauukulan.

(25) Dihang nakalakaw ug diyotay ang mananambal, milanog sa loud
*nang nakalakad ng kaunti ang manggagamot umalingawngaw sa loud*

speaker duol sa ilang nahimutangan ang anunsyo: *"Paging Dr. Tan,*
speaker malapit sa kanilang kinalalagyan ang anunsyo

*paging Dr. Tan, please report to the Office of the Administrator immediately!"*

*Gi*-subli Ø (=A) ang maong anunsyo.
*inulit Ø (=A) ang anunsyo*

Si Dr. Tan nga nakadungog, milahos na lang ngadto sa buhatan sa
*si Dr. Tan na nakarinig dumiretso na lang doon sa opisina ng*

Administrator inay ngadto sa *Paging Station.* ($IK_2$: 097.1)
*Administrator sa halip doon sa Paging Station*

'Di pa nakakalayo ang manggagamot, narinig nila mula sa loud speaker na malapit sa kanilang kinalalagyan ang anunsyo: "Paging Dr. Tan, paging Dr. Tan, please report to the Office of the Administrator immediately!"
Inulit ang anunsyo.
Pagkarinig nito ni Dr. Tan, dumiretso na lang ito kaagad sa opisina ng Administrator sa halip na sa Paging Station.'

Ang konteksto naman ng halimbawa sa (26) ay sinadyang itinuon ng isang empty na kategoryang A (ipinapalagay na given sa konteksto) kay Demos (kaniya, nasa Oblik na pagmamarka) ang mga kamera ng telebisyon habang sinisiyasat niya ang gwantes na naiwan ng isa sa mga humoldap sa ospital.

(26) Hinay nga *gi*-dawat ni Demos ang guwantis ug iyang
*mahina na GF-PERF+tanggap ni Demos ang gwantes at kanyang*

gihakgom sa duha ka kamot. Gisimhot. Gitutokan. Midiyong
*sinapo ng dalawang kamay inamoy tinitigan bahagyang pumikit*

ang iyang mga mata. Hangtod mipiyong siya.
*Ang kanyang mga mata hanggang pumikit siya*

*Gi*-punting Ø ang mga kamera sa telebisyon ngadto kaniya.
*GF-PERF+tutok Ø (=A) ang mga P sa telebisyon doon sa kanya*

Nagpangidlap usab ang mga *flash* sa kamera sa *news photographer.*
*nagkikislapan din ang mga flash ng kamera ng news photographer*

Gipanid-an ang tanan niyang lihok - gikan sa ulo hangtod sa mga tiil.
*inobserbahan ang lahat niyang galaw mula sa ulo hanggang sa paa*

Bisan ang iyang pagginhawa.
*kahit ang kanyang paghinga*

`Marahang tinanggap ni Demos ang gwantes at hinawakan nya sa dalawa n'yang kamay. Inamoy. Tinitigan. Kumunot ang kanyang noo. At tuluyan na s'yang pumikit.

Itinutok ang mga kamera ng telebisyon sa kanya. Nagkikislapan din ang mga flash ng kamera ng news photographer. Inoobserbahan ang lahat ng kanyang mga galaw – mula ulo hanggang paa. Kahit ang kanyang paghinga.'

**5.3 Aspect: Telic o Atelic.** Ipinapalagay na malaki ang kinalaman ng pagkatransitibo ng isang aksyon tungo sa katiyakang maisagawa ito. Ang Tapos na aksyon ay tiyak at matagumpay na naisagawa o *telic* keysa sa Di-Tapos o di-tiyak kung kailan magtatapos ang aksyon o *atelic*. Ang mga aksyon na nasa Perfektibong Aspek ay Tapos habang ang mga aksyon naman na nasa Imperfektibo at Kontemplatibong Aspek ay Di-Tapos. Matagumpay na naililipat ang aksyon sa P kapag ito ay kumpletong nailipat at tiyak na tapos.

Itinuturing na transitibo ang pangungusap na nasa (27) dahil talagang inikot ng A lahat ang P (mga upuan) upang makita ang kanyang hinihintay. Sa kontekstong ito, may tiyak na hinihintay ang A (na nasa empty na kategorya) ngunit sa mga oras na ito'y di pa ito dumarating sa kanilang napag-usapang tagpuan kaya't sinubukan niyang suyurin ang lugar. Ang konstraksyong ito ay nagpapakahulugang kumpletong naisagawa ng A ang kanyang layuning gawin at apektuhan ang P.

(27) Mga kawhaan na ka gutlo ang iyang paglingkod sa usa sa mga lingkoranan
*mga dalawampung minuto na ang kanyang pag-upo sa isa sa mga upuan*

nga naglumbay ning matahom nga hawan sa Fuente Osmeña. Ang iyang
*na nakahilera nitong magandang bakante sa Fuente Osmeña ang kanyang*

kasingkasing ning tungora gibasal sa tumang kahinam nga makita na usab
*puso nitong sandali pinuno ng labis na sabik na makita na naman*

niya ang binuhat nga nahanaw sa iyang mga mata sulod sa kawhaan ug
*niya ang nilalang na nawala sa kanyang mga mata loob ngdalawampu't*

walo ka tuig.
*walong taon*

Gi-liwag na usab niya ang iyang mga mata ug gipasuroy ang iyang
*Iginalaw na naman niya ang kanyang mga mata at iginala ang kanyang*

tinan-awan sa palibot. Wala pa gayod. Unya mitindog siya. Milakang.
*paningin sa paligid wala pa talaga tapos tumayo siya humakbang*

*Gi-libot* Ø pagsuroy ang tanang lingkoranan. Wala gayod.
GF-PERF+ikot Ø=A pagpasyal P Wala talaga

*Gi*-tan-aw niya ang taknaan sa iyang pulso. Alas siyete imedya na.
*PERF+tingin-GF niya ang relo sa kanyang pulso alas siyete imedya na*

"Ngano kahang nadugay man si Mirasol? May nahitabo kaha kaniya?"
*bakit kaya natagalan si Mirasol may nangyari kaya sa kanya*

Naglumba sa pagpanuktok sa iyang galamhan kining mga pangutana.
*nag-uunahan sa pagkatok sa kanyang isipan itong mga tanong*

'Mga dalawampung minuto na siyang nakaupo sa isa sa mga upuan doon na nakahilera nitong magandang parke ng Fuente Osmeña. Sa mga pagkakataong ito ang kanyang puso'y dumadagundong sa labis na pananabik na makikita na naman niya ang taong matagal nang di niya nakikita sa loob ng dalawampu't walong taon. Ginalaw na naman niya ang kanyang mga mata at iginala ang paningin sa paligid. Wala pa talaga. Tapos tumayo siya. Humakbang. Inikot niya ang lahat ng upuan. Wala talaga.

Tiningnan niya ang relo sa kamay. Alas siyete imedya na. "Bakit kaya natagalan si Mirasol? May nangyari kaya sa kanya?" Nag-uunahang kumatok ang mga tanong na ito sa kanyang isipan.'

Ganoon din ang nais ipahiwatig ng predikeyt na *gi*-tan-aw. Alas siyete imedya ang kanilang usapan ngunit di pa ito dumarating kaya't tiningnan niya ang oras sa relo. Makikitang napakahalaga din ng papel ng aspekto ng pandiwa sa teksto sa pagpapahayag ng estadong dinaranas ng S. AF na konstraksyon ang ginamit dito sa (28) kung saan ang

predikeyt ay nasa aspektong perfektibo dahil ang S ay nakadama lamang ng pagkatakot sa pangambang malaman ng kanyang mga magulang na buntis siya.

(28) "Wa ko magmahay nga gikatugyan ko ang akong pagkababaye kanimo,
di ako masama ang loob na ibinigay ko ang aking pagkababae sa iyo

mahal," gikan kang Mirasol nga migakos sa ulitawo, "tungod kay usa ra
mahal galing kay Mirasol na umakap sa binata dahil isa lang

ang akong kasingkasing ug alang da gayod kini kanimo, apan..."
ang aking puso at para lang talaga ito sa iyao ngunit

"Apan unsa, mahal ko?" sa ulitawo pa nga mihalok sa ngabil
ngunit ano mahal ko ng binata pa na humalik sa labi

sa hinigugma.
sa minamahal

"*Na*-hadlok ako kon *ma-hibalo* unya si Tatay ug Nanay *St-PERF+takot ako kung St-FT+alam mamaya si Tatay at Nanay*

nga *nag-sabak* na ako!"
*na AF-IMPERF+buntis na S*

"Ayaw'g kabalaka ning nahitabo kanato," bugnaw ang pamahayag sa ulitawo, "kay mangandam ako sa atong paglayas. Manglakaw kita, Mir, kay ipahilayo ko ikaw sa imong mga ginikanan!" (PKTA: 054)

`Hindi ako nagsisisi na ibinigay ko ang aking pagkababae sa 'yo, mahal," ayon kay Mirasol na yumakap sa binata, "dahil iisa lang ang puso ko at ito'y para lang sa 'yo, ngunit..."

"Ngunit ano, mahal ko?" tugon ng binata sabay halik sa labi ng minamahal.
"Natatakot ako na malaman ni Tatay at Nanay na buntis na ako!"

"Wag kang mag-alala sa nangyaring ito sa atin," mahinahon ang pahayag ng binata, dahil paghahandaan ko ang ating pag-alis. Aalis tayo, Mir, dahil ilalayo kita sa mga magulang mo!'"

Sa konteksto naman na nasa (29) tumpak na masusubaybayan ang aspekto ng pandiwa kung nasa GF na konstraksyon ito. Sa bahaging ito ng kwento, isinasalaysay ng maniniktik kay Mrs. Viajante sa pamamagitan ng cellphone ang kanyang nakikitang magkakasunod na pangyayari. Ang AF na konstraksyon na *naka-kita ako ni Mrs. Viajante nga nagpaod*...ay nangangahulugang hindi pa natatapos ang aksyon at pumapaloob ito sa isang panahon kung saan nangyari ito minsan sa nakaraan na di matiyak kung ilang beses nakita ng aktor ang ginawa ng kanyang nakita.

(29) "Nia, nagsunod gihapon ako kaniya. Sakot-dagan ang akong
*heto nakasunod pa rin ako sa kanya lakad-takbo ang aking*
paglakaw. Mora siyag gapasan sa pana. Misaka sa ikaduhang andana
*paglakad para siyang na pumanhik sa ikalawang baitang*

sa maong motel. Gikan sa maong hawakan may giibot siya nga armas.
*ng siyang motel mula sa siyang baywang may binunot siya na armas*

Kalibre .45! Ug way langan, gipabuthan niya ang door knob sa
*Kalibre .45 at walang atubili pinaputukan niya ang door knob ng*

sera sa Room 69. Suko kaayo siyang tan-awon. Ug kalit nga gituklod
*saraduhan ng Room 69 galit masyado siya tingnan at bigla na itinulak*

niya ang palid sa pultahan. Naabli. Ania ako sa iyang luyo...
*niya ang takip ng pintuan nabuksan andito ako sa kanyang likod*

Apan wala akoy nadungog nga tubag gikan kang Mrs. Viajante.
*ngunit wala akong narinig na sagot mula kay Mrs. Viajante*

Nahasiga ang akong mga mata!
*nandilat ang aking mga mata*

Sulod sa maong lawak, *na*-kita ko si Mrs. Viajante nga nagpaod
*sa loob ng silid na iyon GF-PERF-Stv+kita ko si Mrs. Viajante na hawak*

gihapon sa iyang *cellphone* diha sa iyang dalunggan nga nagkurog
*pa rin sa kanyang cellphone diyan sa kanyang tenga na nanginginig*

sa kalisang! Apan igo lang nahakanga ang iyang baba apan walay tingog.
*sa takot*
(CELL: 207)

'"Heto't sinusundan ko pa rin siya. Lakad-takbo ang paglakad. Para siyang pana sa bilis. Pumanhik siya sa pangalawang palapag ng motel. Mula sa kanyang bewang ay may binunot siyang armas. Kalibre .45! At walang pag-aatubiling pinaputukan ang door knob ng pinto ng Room 69. Galit na galit ang kanyang anyo. At biglang tinulak niya ang saraduhan ng pinto. Nabuksan ito. Nandito ako sa kanyang likuran..."
Ngunit wala akong narinig na tugon mula kay Mrs. Viajante.
Nandilat ang aking mga mata!

Itinutok ni Mr. Viajante ang armas sa kanyang asawa.

Para sa akin, masama na para kay Mrs. Viajante ang mga susunod na pangyayari.

Sa loob ng silid na iyon, nakita ko si Mrs. Viajante na hawak pa rin ang cellphone sa kanyang tenga at nanginginig sa takot! Ngunit napanganga lamang siya at walang boses na lumalabas sa kanyang bibig.

Tinitigan ko siya. Ngunit parang di man lang n'ya ako nakita. Sa halip ay tinitigan niya ang kanyang bana habang papahigpit ang kapit ng kanyang mga daliri sa bedsheet na itinapis niya sa hubo't hubad niyang katawan.'

**5.4 Punctuality: Punctual o Non-punctual.** Lahat ng mga aksyon na likas nang walang malinaw na pagitan mula sa umpisa nitong pagsasagawa hanggang sa pagtatapos, ang P dito'y maituturing na direkta at lubusang apektado katulad ng pandiwa na *pabilin* sa (30), *biste* sa (31) at *hari* sa (32). Ito'y mga nasa AF na konstraksyon at di-transitibo dahil naglalahad ito ng mga aksyong nag-umpisa sa nakaraan at di pa natatapos hanggang sa kasalukuyan, at walang tiyak kung hanggang kelan mananatiling ganito ang mga eyjent na S nito. Kadalasan itong minamarkahan ng istem-forming na panlaping *pag-* at AF fokus at aspektwal na panlaping *n-*. Ang karakter sa kwentong ito'y matagal na nawalay sa kanyang minamahal kung kaya't mula noon at hanggang sa kasalukuyan ay lagi pa rin niyang naaalala ito. Mas transitibo ang GF na konstraksyon nito (*gi-pabilin, gi-bisti-han at gi-hari-an)* dahil nagpapakahulugan ang mga predikeyt na ito na tiyak na natapos ang aksyon.

(30) *Nag*-lumba pagpanuktok sa iyang galamhan kining mga pangutana.
*AF-IMPERF+unahan pagkatok sa kanyang isipan itong mga tanong*
'Nag-uunahang kumatok ang mga tanong na ito sa kanyang isipan.

Hangtod ning mga adlawa *nag-pabilin* siyang naghandom...
*hanggang nitong mga araw AF-IMPERF+paiwan siya na nananabik...*
'Hanggang sa mga araw na ito nananatili siyang...'

(31) *Nag*-biste kinig lubos puti nga dili gani makita ang mga tiil.
*AF-IMPERF+damit ito ng puro puti na hindi nga makita ang mga paa*
'Nakasuot ito ng puro puti na kahit paa'y di mo makita.'

(32) *Nag*-hari pa sa galamhan ni Dina ang kalibog niarong hapona kung kinsa
*AF-IMPERF+hari sa isip ni Dina ang kalituhan nitong hapon kung sino*

sa duha niya ka maghahalad ang iyang but-on...
*sa dalawa niyang manliligaw ang sasagutin*

'Namamayani pa ang kalituhan sa isipan ni Dina kung sino sa dalawa niyang manliligaw ang pipiliin...' (DMD. 1)

May digri ng pagpapahayag ng estadong aksyon ang predikeyt sa A at P. Bagama't parehong walang kontrol sa aksyon na ito ang eyjent sa AF at GF na mga konstraksyon katulad ng mga nasa (33), lumilitaw na mas mataas ang lebel ng pagiging estado ng *kaila* 'kilala' kapag ito ay minamarkahan ng AF na panlapi na *paka-* + *n-* dahil tanging ang $S_a$ lamang ang dumaranas sa aksyon at ito ay nagpapahayag din ng aksyong pangmatagalan dahil nagsimula ito sa nakaraan at ito ay bahagi na nang kaalaman ng A at wala na itong malinaw na katapusan. Ginamit ang pangungusap na ito sa konteksto kung saan ang $S_a$ ay sinubok kung gaano siya nakikilala ng kanyang kliyente. At matapos ang pakikipanayam dito ay napatunayan nga niyang kilalang-kilala siya nito.

(33) (a) "Dili ko gustong manimpalad niadtong wa pa kaayo makakombinser
*ayaw kong makipagsapalaran noong di pa masyado nakakumbinsi*

kanako nga detective. Ang akong gikinahanglan, Mr. Rojas, ang sama
*sa akin na detective ang aking kailangan Mr. Rojas ang tulad*

kanimo nga dako na kaayog agi sa natad sa paniktik. Dili na ko
*sa iyo na malaki na masyado ang napagdaanan sa paniniktik di na ako*

magbago sa pagpamasin. Sineguro kining akoa. Ikaw nga nasulayan na
*mamomroblema ng pag-aakala paniniguro itong akin ikaw na subok na*

nga maayong laking detektib, sigo ug pino kaayo ang tinarbahoan, ikaw
*na magaling na detektib tama at pino masyado ang trabaho ikaw*

maoy akong *choice.*"
*siyang aking choice*

*Naka-ila* gayod diay siya kaayo kanako. Sa iyang sinultihan,
AF-IMPERF+kilala talaga pala siya masyado sa akin sa kanyang pagsabi

klaro kaayo nga suheto siya sa akong pagkatawo labi na kon performance
*klaro masyado na sanay siya sa aking pagkatao lalo na kung performance*

ang hisgotan.
*ang pag-uusapan*

"Tunog na kaayo ang imong ngalan, Detective Rojas." (CELL: 036)

`Ayokong makipagsapalaran doon sa di pa ako masyadong kombinsidong detective. Ang kailangan ko, Mr. Rojas ay ang tulad mo na napakalawak na ng karanasan sa paniniktik. Di na ako mapapagod sa pag-aakala. Naniniguro lang ako. Ikaw na subok na bilang magaling na detektib, tumpak at walang mintis kung magtrabaho, ikaw ang aking choice."

Kilalang-kilala n'ya pala talaga ako. Sa kanyang pananalita, mahahalata mong kilalang-kilala n'ya ang aking pagkatao lalo na kapag performance na ang pinag-uusapan.

"Tanyag na ang pangalan mo, Detective Rojas."'

(b) *Na*-ila-*han* gyud diay ko niya pag-ayo.
*PERF+kilala-GF talaga pala P A masyado*
`Nakilala pala talaga niya ako.'

Ang GF naman na konstraksyon sa (33b) ay bagama't nagpapahayag pa rin ito ng estadong aksyon dahil sa walang kontrol ang A sa aksyon ay apektado pa rin nito ang P sa paraang literal na kilala ito ng A sa isang tiyak na panahon sa nakaraan at tiyak din itong natapos sa takdang oras. Bilang karagdagang paglilinaw sa konsepto ng estado at tunay na aksyon, aksyon at hindi estado ang ipinapahayag sa (34) kung saan minamarkahan ng AF na

panlaping *mi-* kung kaya't ito rin ay isang *Pangmadaliang* aksyon. Kahit na hindi ito isang transitibong pangungusap, at kahit hidi tiyak kung kailan naganap ang aksyon sa nakaraan ngunit ito ay isang boluntaryong aksyon mula sa S nito. Nangangahulugan ang pangungusap na ito na sadyang lumingon ang eyjent (siya) dahil meron siyang kinatatakutan.

(34) Nanghupaw siyag lawom. Unya *mi-lingi* siya sa
*bumuntung-hininga siya ng malalim tapos AF-PERF+lingon S sa*

iyang likoran. Wa na niya makita ang naggukod kaniya –
*kanyang likoran hindi na niya nakita ang humahabol sa kanya -*

ang iyang gikahadlokan. (KNK: 014)
*ang kanyang kinakatakutan*

'Bumuntong-hininga siya. Pagkatapos ay lumingon siya sa kanyang likoran. Hindi na niya makita ang humahabol sa kanya – ang kinatatakuyan n'ya.'

*Pangmatagalang* aksyon naman ang isinasaad ng nasa (35a) sa ibaba. Ito ay nasa AF na konstraksyon at kinakabitan ng istem-forming na panlaping *pag-* at *n-* na isang Imperpektibong Aspek at nagpapahayag sa halimbawang ito ng aksyon na nag-umpisa na ngunit kasalukuyan pa ring ginagawa at wala pang tiyak na panahon sa hinaharap kung kailan ito matatapos habang ang predikeyt naman sa (35b) na *gi-suroy-suroy* ay nasa GF na konstraksyon at isang *pangmadaliang* aksyon dahil tiyak itong natapos sa nakaraan.

(35) (a) "Gilaay tingali tog pinaabot nato. Apan wala to masinati dinhi sa
*nainip siguro yon ng kahihintay sa atin ngunit hindi iyon sanay dito sa*

tambalanan, ilabi na dinhi sa dakbayan. Masaag uroy to!
*pagamutan lalo na dito sa lungsod mawala yon*

Gipakuyog tingali to ni Dr. Tan," malaomon ang bana.
*ipinasama siguro yon ni Dr. Tan umaasa ang bana*

*Nag*-suroy-suroy ra tingali to dinhi, Nang, mipuypoy
*pumasyal-pasyal lang siguro iyon dito manang nanghihina*

usab sa kabalaka si Regina. ($IK_2$: 068)
*din sa pag-aalala si Regina*

'"Baka nainip lang yon sa kahihintay. Pero hindi noon kabisado itong ospital, lalo na itong siyudad. Baka mawala 'yon!"
Baka isinama ni Dr. Tan," paasa ng bana.
Nag-iikot lang siguro iyon sa paligid, Nang," nag-aalala na rin si Regina.'

(b) *Gi*-suroy-suroy lang tingali to dinhi...
*GF-PERF+pasyal lang siguro yon dito...*
'Ipinasyal-pasyal lang siguro iyon dito...

May mga aksyon din na *Pangmatagalan* katulad ng nasa (36b) hanggang (39b) dahil ang mga predikeyt na ito ay kailangang gawin ng maraming beses. Ang mga ito'y kadalasang nangyayari sa mga pandiwang nasa AF na konstraksyon at kinakabitan ng istem-forming na *pang-* + fokus na panlapi na *m-/n-*. Ang mga predikeyt naman sa (36a) hanggang (39a) ay mga *pangmadaliang* aksyon lamang na pawang minamarkahan ng GF na panlaping *gi-* at ibig sabihin ay natapos ito ng matagumpay sa nakaraan o Perfektibo.

(36)(a) Gisubay niya ang iyang sakayan nga gipatong sa bangnanan ug
*sinundan niya ang kanyang bangka na ipinatong sa daungan at*

*gi*-limas ang tubig sa luwang nga binilin sa ulan kagabii. (GNH: 004.1)
*nilimas ang tubig sa bangka na tira ng ulan kagabi*

'Hinanap niya ang kanyang bangka na ipinatong sa daungan at nilimas ang tubig sa loob na tira ng ulan kagabi. Nilimas niya ang tubig sa loob na tira mula sa ulan kagabi.'

(b) *Nang*-limas siya sa tubig sa luwang nga binilin sa ulan kagabi-i.
'Nanglimas siya ng tubig sa loob na tira ng ulan kagabi.'

(37) (a) Mitindog si Dr. Tan ug iyang *gi*-susi unsay nahitabo. ($IK_2$: 019.1)
'Tumayo si Dr. Tan at inusisa kung anong nangyari.'

(b) Mitindog si Dr. Tan ug *nan*-usi unsay nahitabo.
'Tumayo si Dr. Tan at nag-usisa kung anong nangyari.'

(38) (a) *Gi*-bisita-*han* ni Edgardo si Dinah.
'Binisita ni Edgardo si Dinah.'

(b) *Nam*isita si Edgardo kang Dinah.
'Bumisita si Edgardo kay Dinah.'

(39) (a) *Gi*-suroy ni Manoy Ompong ang baryo.
'Inikot ni Mang Ompong ang baryo.'

(b) *Nan*uroy si Manoy Ompong sa baryo.
'Namasyal si Manoy Ompong sa baryo.'

**5.5 Volitionality: Volitional o Non-volitional.** Tinitingnan sa konseptong ito na mas apektado ng aksyong ipinapahayag ng predikeyt ang P kapag ang aksyon ay sinadya ng A kesa sa kusa lamang itong nangyari. Ang mga aksyong ginawang sadya ay mataas ang lebel ng pagkatransitibo dahil ang obligatoryong argyument nitong A ang sadyang gumawa ng aksyon sa P na aapektuhan nito. Batay sa datos ng pag-aaral na ito, ang mga aksyong sinadyang gawin ay may dalawang argyument habang ang mga aksyong kusang nangyari ay may iisang argyument lamang. Ang konsepto ng mga nangyayaring *sinadya* ay ginawa ng may pagsisikap: pagsisikap at intensyon ng A na siyang may kontrol sa kasasapitang estado ng P. Sa kabilang banda naman, ang mga aksyong *kusa* ay kadalasang may iisang argyument lamang dahil ang nagsasagawa nito'y walang sikap at intensyong apektuhan ang P. Kaya madalas ay *apektadong entidad* ang S na ibig sabihin ay isa itong tagapagpaganap ng aksyon ngunit dinaranas din nito ang aksyon ng predikeyt sa dahilang wala siyang kontrol dito o

walang pagsisikap. Isang halimbawa ng kusang aksyon ay ang ipinapahayag ng nasa (40) sa ibaba. Kusa lamang *ang misagunson ang kubokubo sa dughan sa dalaga* `sunud-sunod na kumabog nang kumabog ang dibdib ng dalaga' na nasa S-fangksyon, nang marinig niya ang boses ng manliligaw na si Edgardo. Bukod sa kusa lamang nangyari ang aksyon ay di-animeyt din ang S kung kaya't lumilitaw ito na S na may fichur na P at dumaranas ng aksyon.

(40) Ning higayona mitindog si Chita. Mibiya sa panimalay nila ni Dinah nga wala gani manamilit. Igo lang nahuwasan sa paghiwasa, may nangayo na usab ug katahoran didto sa tugkaran. Tingog ni Edgardo ang iyang nadungog. *Mi*-sagunson na usab ang kubokubo sa dughan sa dalaga.
*AF-PT+sumud-sunod na naman ang S sa dibdib ng dalaga(DMD: 044)*

`Sa pagkakataong ito tumayo si Chita. Umalis sa pamamahay nila ni Dinah nang hindi man lang nagpaalam. Kapapanumbalik pa lamang ng kanyang kahinahunan sa nangyari'y may bisita na namang dumating. Boses ni Edgardo ang kanyang narinig. Sunud-sunod na naman ang kaba sa kanyang dibdib.'

Sadyang aksyon din ng A ang nasa (41) na konstraksyon sa ibaba. Sa tagpong ito, naiinip nang naghihintay ang A sa kanyang katagpo dahil dumating na ang takdang oras na kanilang napagkasunduan ay wala pa rin ito. Sa konstraksyong ito ay sinadya at may sikap sa aktor na *i-liwag* `igalaw' at *i-pasuroy* `igala' ang kanyang mga mata dahil sa kanyang Tuyo na hanapin ito sa paligid.

(41) Mga kawhaan na ka gutlo ang iyang paglingkod sa usa sa mga lingkoranan
*mga dalawampu nang minuto ang kanyang pagkaupo sa isa sa mga upuan*

nga naglumbay ning matahom nga hawan sa Fuente Osmeña. Ang iyang
*na nakahilera nitong magandang bakant ng Fuente Osmeña ang kanyang*

kasingkasing ning tungora gibasal sa tumang kahinam nga makita na
*puso nitong sandali pinuno ng labis na pagnanais na makikita na*

usab niya ang binuhat nga nahanaw sa iyang mga mata sulod sa kawhaan
*naman niya ang taong nawala sa kanyang mga mata loob ng dalawampu*

ug walo ka tuig.
*at walong taon*

*Gi*-liwag na usab niya ang iyang mga mata ug *gi*-pasuroy ang iyang
*iginalaw na naman A P at ipinasyal P*

tinan-awan sa palibot. Wala pa gayod. Unya mitindog siya. Milakang. Gilibot pagsuroy ang tanang lingkoranan. Wala gayod.

`Mga dalawampung minuto na siyang nakaupo sa isa sa mga upuan doon na nakahilera nitong magandang parke ng Fuente Osmeña. Sa pagkakataong ito ang kanyang puso'y dumadagundong sa labis na

pananabik na makikita na naman niya ang taong matagal nang di niya nakikita sa loob ng dalawampu't walong taon.

Iginalaw na naman niya ang kanyang mga mata at iginala sa paligid. Wala pa talaga. Tapos tumayo siya. Humakbang. Inikot ang lahat ng upuan. Wala talaga.'

Kusang sumisiwalat ang *lain nga eksena* `ibang eksena' sa kanyang isipan sa (42). Dito, ang NP-argyument na *lain nga eksena* ang siyang tagapagpaganap ng di-kontroladong aksyon na isinasaad ng predikeyt na *lubad* `siwalat'. Ito ay minamarkahan ng AF na panlaping *mi-* at aspektwal na panlaping Perpektibo. Kusang nangyari ito sa aktor, na dagdag pa rito'y di-animeyt kung kaya't ito ay nasa S-fangksyon. Ang bahaging ito ng kwento ay naglalarawan sa nilalaman ng isipan ng S. Bigla siyang nagkamalay at hindi siya pamilyar sa lugar na kanyang kinalalagyan kung kaya't pinilit niyang hukayin ang kanyang pag-iisip sa mga nakaraan. Ang bawat eksena o tagpo na sumasagi sa kanyang isip ay sadya niyang *gi-lit-ag* `binitag' dahil sa kanyang Tumóng na maalala niya ang nakaraan. Ang predikeyt na ito ay may dalawang argyument: *niya* na nasa A-fangkasyon at *kadtong tipik sa masamok niyang salabutan* na nasa P-fangksyon.

(42) Ingon sa may nasabtan siya. Gamatoy kaayo. May nasihag siyang kilab
*parang may naintindihan siya konti lang may naaninag siyang kislap*

sa kahayag nga mikidlap sa iyang kahimatngon. Dihay nipis nga
*sa liwanag na kumislap sa kanyang diwa may manipis na*

langyawng pagbati nga mihunob sa iyang kahiladman. Apan dili
*dayo pakiramdam na pumasok sa kanyang isip ngunit hindi*

lang niya matugkad. Lubog lagi ang iyang pangisip.
*lang niya maarok Malabo nga ang kanyang isipan*

*Mi*-lubad na usab ang lain nga eksena sa iyang alimpatakan
*AF-PERF+gitaw na naman S sa kanyang isipan*

nga tugawon usahay sa iyang nagdaghong nga tingog. *Gi*-lit-ag niya
*na ginugulo minsan sa kanyang umuugong na tinig GF-PERF+huli*

niya kadtong tipik sa masamok niyang salabutan. (KNK: 068)
*A P sa magulo niyang isipan*

`Parang may naiintindihan na s'ya. Konting-konti lang. May naaninag siyang anyo sa liwanag na kumislap sa kanyang malay. May gabuhok na kakaibang pakiramdam ang nanuot sa kanyang isipan ngunit di nga lang niya maarok. Magulo kasi ang kanyang pag-iisip.

Sumiwalat na naman ang ibang eksena sa kanyang isipan na paminsan-minsan ay ginagambala ng dumadagundong niyang boses.

Biglang *na(ha)-siga* 'nandilat' ang *mata ni Pilang* na nasa S-fangksyon nang pagbalik niya sa kinauupuan ng kanyang anak ay wala na ito doon. Ang predikeyt na *na(ha)-siga* sa konstraksyon sa (43) ay binubuo ng istem-forming na panlaping *ka-* at AF na aspektwal na panlaping *n-* na nagpapahayag ng Perpektibong aksyon. Nagpapakahulugan ito na isang estadong aksyon na kusa lamang nangyari at hindi kontrolado ng S na *mata ni Pilang* at kaya isa itong $S_P$ na tanging dumaranas at gumaganap ng estadong ito. Ang predikeyt naman na *gi-pahibalo* 'pinaalam' sa (44) ay sinadyang aksyon *ni Pilang* na nasa A-fangksyon at ang direktang apektado ng pisikal na pagbabago ay *ang mga mata ni Pilang* na may P-fangksyon.

(43) Samtang nagkaduol na sila sa *lobby* nga ilang gilingkoran kaganina, kalit
*habang papalapit na sila sa lobby na kanilang inuupuan kanina bigla*

lang *naha*-siga ang mga mata ni Pilang uban sa pagtapion sa iyang dughan.
*lang AF-PERF+dilat S sabay sa paglagay sa kanyang dibdib*
($IK_2$)

'Habang papalapit na sila sa lobby na kanilang kinauupuan kanina, biglang nandilat ang mga mata ni Pilang .'

(44) Sa akong tan-aw mao gihapon kining babayhana ang nakita nako nga gikauban ni Mr. Viajante sa Macris Club. Batan-on. Maanyag ug pution ang panamit niini. Tag-as ang mga buhok.

*Gi*-pahibalo nako niini si Mrs. Viajante. Apan igo lamang kining miingon kanako, "Bantayi, Mr. Rojas, tingalig manago sila sa lungag nga dili lang nimo hibaw-an."

'Sa tingin ko'y ito rin yong babaing nakita ko na kasa-kasama ni Mr. Viajante sa Macris Club. Bata. Maganda't mestisa. Mahaba ang buhok. Ipinaalam ko ito kay Mrs. Vijante. Ngunit ang sabi lamang ay: "Bantayan mo Mr. Rojas, baka magtago sila sa butas na di mo namamalayan."'

Ang susunod na halimbawa konstraksyon sa (45), bagama't tunay na aksyon ito ngunit di-boluntaryo o *kusa* ang aksyong dinaranas ng $S_a$ na minamarkahan ng *mi-* ang predikeyt. Sa tagpong ito ay binabagabag si Dinah kung tuluyan na lamang niyang kalilimutan ang manliligaw kahit na ito ay kanyang minamahal at sa tagpong iyon ay kusang lumitaw sa kanyang isipan ang imahe ng kanyang pangalawang manliligaw.

(45) Gihasol si Dinah sa dili tiaw nga suliran sa iyang kasingkasing. Sakit man apan kinahanglan likayan na gayod niya si Edgardo. Apan unsaon niya nga init man kaayo ang ulitawo sa paghalad kaniya?

*Mi*-lutaw/*Nang*-lutaw sa pangisip ni Dinah ang pamayhon sa ikaduha
*AF-PT+litaw Obl isip ni Dinah Abs S imahe ng pangalawa*

niyang maghahalad. Biyudo si Mr. Ruel Tabora, principal teacher sa Mobon Elementary School. Sugton na kaha niya si Ruel? (DMD: 087)

`Binabagabag si Dinah sa di birong suliranin ng kanyang puso. Masakit man subalit kailangang iwasan na talaga niya si Edgardo. Ngunit anong magagawa niya, tunay at tapat ang pag-ibig nito sa kanya?

Biglang lumitaw sa isip ni Dinah ang imahe ng pangalawang manliligaw. Biyudo si Mr. Ruel Tabora, principal teacher sa Mohon Elementary School. Sasagutin na kaya niya si Ruel?'

Sa konteksto ng (46), kusang *mi-liraw* `gumala' ang *iyang mga mata* na nasa S-fangksyon at minamarkahan ng *ang* nang makita ang mga malalaking bahay sa lugar na ngayon pa lang siya nakapunta habang ang nasa (41) sa itaas na *liwag* `galaw' ay sinadyang aksyon kung saan ito ay minamarkahan ng GF na panlaping *gi-*.

(46) *Mi*-liraw ang iyang mga mata nga nagsud-ong sa dagkong balay.
*AF-PERF+galaw S na nagmamasid sa malalaking bahay*

`Gumala ang kanyang mga mata habang pinagmamasdan ang mga naglalakihang bahay.' (KNK: 003.1)

Karagdagan pang halimbawa, ang (47) ay isang tagpo kung saan nawawala si Demos at pinaghahanap na ng kanyang mga magulang. Lumapit sila sa paging station upang ipaanunsyo ang pangalan ni Demos. Kaya't sa tagpong ito ay sinadyang *gi-subli* `inulit' ng given at nasa empty na kategoryang Ø=A ang *anunsyo* (P) upang marinig ng kinauukulan. Ang predikeyt naman na *mi-lanog* ay nangangahulugan na kusang `umalingawngaw' ang anunsyo mula sa loud speaker.

(47) Dihang nakalakaw ug diyotay ang mananambal, *mi*-lanog
*nang nakalakad ng kaunti ang manggagamot AF-PERF+alingawngaw*

sa loud speaker duol sa ilang nahimutangan ang anunsyo:
*sa loud speaker malapit sa kanilang kinalalagyan S*

*"Paging Dr. Tan, please report to the Office of the Administrator immediately!"*

*Gi*-subli ang maong anunsyo.
*GF-PERF+ulit Ø=A P*

Si Dr. Tan nga nakadungog, milahos na lang ngadto sa buhatan sa
*Si Dr. Tan na nakarinig dumiretso na lang doon sa opisina ng*

Administrator inay ngadto sa Paging Station.
*Administrator bago doon sa Paging Station*

`Di pa nakakalayo ang manggagamot, narinig nila mula sa loud speaker na malapit sa kanilang kinalalagyan ang anunsyo: "Paging Dr. Tan, paging Dr. Tan, please report to the Office of the Administrator immediately!"

Inulit ang anunsyo.

Si Dr. Tan pagkarinig, dumiretso na lang kaagad doon sa opisina ng Administrator sa halip na sa Paging Station.'

**5.6 Affirmation: Affirmative o Negative.** Ang parametrong ito ay malaki ang kaugnayan sa mowd ng mga konstraksyon sa kwento. Sa pag-aaral na ito, binigyan lamang ng tuon ang lahat ng mga afirmatibong konstraksyon. Sa kabilang banda naman, ang mga negatibong konstraksyon sa SEB ay ginagamitan ng mga negatibong partikel na *dili* at *wala* katulad ng mga halimbawang konstraksyon sa (48) sa ibaba:

(48) *Wala* siya'y kabug-aton. Apan aduna siya'y lawas – mga kamot, mga tiil.
*wala siyang bigat ngunit mero siyang katawan mga kamay mga paa*

*Dili tiaw* ang iyang kahibulong. Buot siyang mangutana niadtong tawo
*hindi biro ang kanyang pagtataka nais siyang magtanong noong tao*

nga nakigsulti kaniya mahitungod sa unsay nahitabo kaniya, apan
*na nakipag-usap sa kanya tungkol sa anong nangyari sa kanya ngunit*

*wala* na diha sa iyang paglingi. ($IK_1$: 041)
*wala na diyan sa kanyang paglingon*

**5.7 Mowd.** Katulad ng tinalakay sa 5.3, ang mga predikeyt na nasa Perfektibo at Imperfektibong aksyon ay itinuturing na *realis* na mga mas transitibo habang ang mga predikeyt naman na nasa Kontemplatibong aksyon ay itinuturing na *irrealis*.

**5.8 Agency: Animate o Inanimate.** Sa pag-aaral na ito, bagama't may hirarkiya ayon kina Hopper at Thompson (1980) ang ebalwasyon ng eyjensi ng mga eyjent, dalawang uri lamang ng eyjensi ang pinagbatayan ng pagbibigay ng puntos: ang pagiging *animeyt* o *di-animeyt* ng A. Itinuturing na mas may kakayahan na maghatid ng aksyon ang mga animeyt na A kesa sa mga di-animeyt. At batay sa konsepto ng eyjensi, ang animeyt na eyjent sa mga konstraksyon sa SEB ay *may Tuyo/Tumong/Tinguha* upang apektuhan ang P nito.

**5.8.1 Animeyt.** Isa sa pinakamahalagang katangian ng tunay na transitibong pangungusap ay ang sinadya at matagumpay na pag-aapekto ng A sa P. Ang isang animeyt na A ay may kakayahang kumuntrol at maglipat ng aksyon sa P dahil ito ay may kakayahang magkaroon ng *tuyo, tumong o tinguha* na nais makamit mula sa at sa pamamagitan ng P. Ito ay mga salitang Sebwano na nagpapahayag ng *bili* o kahalagahan ng pag-aapekto ng A sa P. Ang salitang ***tuyo*** ay ibig sabihin *may hangarin* o *may kailangan.* Nagpapahayag naman ng *fokus, gowl, direksyon* o *tunguhin* ang salitang ***tumong*** habang ang salitang ***tinguha*** naman ay *balak, nasa, paghahangad, pagnanais, pagsisikap, pagtatangka.*

May *tuyo* si Dinah kung kaya pinutol niya at hindi kaagad sinabi lahat ng gusto niyang sabihin sa (49) sa ibaba. Minamarkahan ng *gi-* ang predikeyt na *tuyo* na ibig sabihin ay sinadyang ikontrol ng A ang P. Sa tagpong ito, diretsahang sinabihan ni Aling Chita si Dinah na hindi nila ito gustong mapangasawa ng kanilang anak.

(49) "Misinta si Edgardo dihang gidaygan namo siya nga wala ka namo
*suminghal si Edgardo nang sinabihan naming siya na hindi ka namin*

magustohi. Ug nakasabot ka tingalig ngano. Paglig-on niini, lahoson
*gusto at naintindihan ikaw siguro bakit pagpapatibay nito diretso*

ko pag-ingon nga dili ikaw ang babaye para sa among anak."
*ko pagsabi na hindi ikaw ang babae para sa aming anak*

"S-salamat sa imong pagprangka nako niini, Nang Chita, apan..."
*salamat sa iyong pagprangka ko nito Nang Chita ngunit*

*gi-tuyo* ni Dinah nga putlon ang igsusulti. (DMD: 026.1)
*GF-PERF+sadya ni Dinah na putulin ang sasabihin*

`"Nagtaas ng boses si Edgardo nang sabihan naming s'ya na ayaw naming sa 'yo. At naiintindihan mo naman siguro kung bakit. Katunayan nito, diretsahan ko nang sasabihin na hindi ikaw ang babae para sa aming anak" "S-salamat po sa pagprangka n'yo sa akin ukol dito, Manang Chita, ngunit..." sinadya ni Dinah na putulin ang sasabihin.'

Sinadya ni Dinah na putulin ang sasabihin dahil gusto niyang makuha ang interes ni Aling Chita.

Di-transitibo ang ipinapahayag ditong kahulugan ng aksyon sa (50) dahil nangangahulugan itong hindi sadya ng S ang pangyayari at wala siyang kontrol ukol dito. Ang GF konstraksyon nitong *na-sugat-an* ay nangangahulugang sadya niyang hinahanap ang kliyente niyang ito at nang di kalaonan ay natagpuan din niya.

(50) Sa gidugayon sa akong pagkapribadong tiktik karon pa ako
*sa tagal ng aking pagkapribadong tiktik ngayon pa lang S*

*maka-sugat* ug kliyente nga galante kaayong mogasto.
*AF-PERF+salubong ng kliyente na galante masyado gumastos*
(CELL: 001)

`Sa tinagal-tagal na ng aking pagkapribadong maniniktik, ngayon pa lang ako nakatagpo ng ganitong kliyente na masyadong galanteng gumastos.'

Ang GF na konstraksyon naman sa (51) ay hayagan ding nagpapahiwatig ng volisyon ng A dahil may *tumong* siya sa P. Dito'y gusto niyang (ko) malaman ang tunay na dahilan (kasayoran) kung bakit siya napili ng kliyente upang maging personal na maniniktik ng kanyang asawa.

(51) Adunahan kining babayhana. Nahilumbay siya sa mga tubig-tubigan
*mayaman itong babaeng ito nabibilang siya sa mga matubig*

sa siyudad. Niini, taas kaayo ang pagtan-aw ko kaniya.
*sa siyudad nito mataas masyado ang pagtingin ko sa kanya*

"Nganong ako may giduol nimo ning maong trabaho, Mrs. Viajante?"
*bakit ako nga ang nilapitan mo nitong trabaho Mrs. Viajante*

*Gipaki-tubd-an* ko siyag tinud-anay nga kasayoran. Buot kong
*PERF+usisa+GF A P ng katotohanan nais ko na*

masuta ang lintunganay sa gitanyag niya kanako. (CELL: 021)
*malaman ang katotohanan sa inaalok niya sa akin.*

`Napakayaman ng babaing ito. Nabibilang siya sa mga panginoong may lupa nitong lungsod. Dahil dito'y napakataas ng tingin ko sa kanya.

"Bakit ako ang nilapitan mo sa trabahong ito, Mrs. Viajante?" Inusisa ko siya tungkol sa tunay na dahilan. Nais kong malaman ang tunay na pinagmulan ng inaalok niya sa akin.

Matapos naman magkasundo ni Mr. Rojas at Mrs. Viajante ukol sa presyo ng serbisyo, malugod na tinanggap ng maniniktik (A) ang deal at nangakong gagawing pulido ang trabaho dahil may *tinguha* siyang ikatuwa ng kanyang kliyente (P) ang resulta. Ang impormasyong ito ay malinaw na inihahayag sa GF na konstraksyon.

Matagumpay na naisagawa ang aksyon sa (52). Direktang inaapektuhan ng A na *ko* ang P na *siya* dahil meron siyang *tinguha* dito. Sa kontekstong ito, *gipa*-salig-*an* `pinangakuan' ni Mr. Rojas (isang maniniktik) si Mrs. Viajante na huhusayan niya ang kanyang trabaho dahil napakataas ng pagtingin nito sa kanya. GF na konstraksyon din ang predikeyt na *ika-himuot* `ikatuwa' sa (53) sa dahilang mula sa perspektiba ni Mr. Rojas na siyang nagsasalita, iigihan niya ang kanyang serbisyo upang ang buong P, *ang resulta* ay ikatuwa ni Mrs. Viajante ((ni)mo na nasa A-fangksyon).

(52) Nasuta nako nga matinud-anon kaayo si Mrs. Viajante sa iyang tinguha
*natuklasan ko na makatotohanan talaga si Mrs. Viajante sa kanyang nais*

sa pag-hire sa akong serbisyo. Busa *gipa*-salig-*an* ko siya. Gidawat nako
*sa pag-hire sa aking serbisyo kaya PERF+asa+GF ko siya tinanggap ko*

ang deal ug dali ra kaming nagkasabot sa presyo. (CELL: 102)
*ang deal at mabilis na kaming nagkasundo sa presyo*

`Napatunayan kong totohanan ang pagha-hire ni Mrs. Viajante sa aking serbisyo. Kaya nangako ako sa kanya. Tinanggap ko ang deal at agad kaming nagkasundo sa presyo.'

(53) "Kon mao, Mrs.Viajante, akong paninguhaon nga mahapsay nako ang
*kung ganyan Mrs. Viajante aking pagsusumikapan na maayos ko ang*

akong trabaho aron *ika-himuot* unya nimo ang resulta."
(CELL: 107)
*aking trabaho upang GF-FT+katuwa mamya A P*

`Kung gayon, Mrs. Viajante, sisikapin ko na gagalingan ko ang aking trabaho upang *ika-tuwa* mo ang resulta.

Sa konstraksyon sa (54a), Pasariling aksyon lamang ang ipinapahayag nito kung saan ang nagtatamasa ng aksyon ay ang $S_a$ na *ko* lamang at ang predikeyt ay minamarkahan

ng AF na panlaping *mo-*. Sa tagpong ito ay pupuntahan lamang ni Dr. Tan (ko) ang Paging Station upang ipatawang ang nawawalang si Demos at hindi ang Paging Station mismo ang kailangan nito na siyang ipinapahayag sa (54b) kaya ang predikeyt nito ay minamarkahan ng GF na panlaping *-on* na may Kontemplatibong Aspek. Ibig sabihin, ang A sa konstraksyon na ito ay may *Tuyo* sa P kung kaya't haharapin niya ito na parang tao o animeyt.

(54) (a) *Mo*-adto ko sa Paging Station kay atong ipatawag si Demos.
*AF-FT+punta S sa Paging Station dahil ating ipapatawag si Demos*
($IK_2$: 095.1)
'Pupunta ako sa Paging Station upang ipatawag si Demos.'

(b) Adto-*un* nako ang Paging Station aron ipatawag si Demos.
*GF-FT-punta A P upang ipatawag si Demos*
'Pupuntahan ko ang Paging Station upang ipatawag si Demos.' ($IK_2$)

Ang aksyon ni Mr. Solis sa (55a) ay nagpapahayag ng kanyang abutihang-asal. Sa tagpong ito ay papasok siya sa lobby ng hotel at nakita niya ang klerk sa counter kaya *mi-pahiyom* 'ngumiti' siya (si Mr. Solis na nasa $S_a$ na fangksyon) bilang pagbati sa babae. Ang predikeyt naman na *gi*-pahiyum-*an* na may dalawang NP-argyument sa (55b), *ni Mr. Solis* na may A-fangksyon at *ang babayi* na isang P. Sadyang inapektuhan ng aksyon ang P dahil may *Tuyo* itong mapansin ng babae dahil maaaring may gusto siya dito.

(55) (a) *Mi*-pahiyom si Mr. Solis sa babayi dayon niyang sulod sa lobby.
*AF-PERF+ngiti S sa babae bago siya pumasok sa lobby*
'Ngumiti si Mr. Solis sa babae nang papasok siya sa lobby.'

(b) *Gi*-pahiyum-*an* ni Mr. Solis ang babae dayon niyang sulod sa lobby.
*PERF+ngiti+GF A P bago siya pumasok sa lobby*
'Nginitian ni Mr. Solis ang babae nang papasok siya sa lobby.'

Kailangang matagumpay na idirekta ang aksyon ng A na si *Demos* sa P na *gwantis* 'gwantes' dahil may *Tuyo/Tumong/Tinguha* siya dito. Sa tagpong ito, bilang isang psychic ay kailangan niyang amoyin at titigan ng husto ang gwantes upang mahulaan ang may-ari nito. Samantala, ang mga AF na konstraksyon ng mga predikeyt na ito na minamarkahan ng panlaping *mi-* ang *lingi* 'lingon', *yango* 'tango', *simhot* 'singhot' at *tutok* 'titig' katulad ng nasa (56) ay nagpapahayag lamang ng natural na aksyon o pasarili na hindi matukoy kung naapektuhan nito ang P.

(56) "Sulayi kuno kining guwantis kon kinsa ug hain ang tag-iya niini."
*subukan daw itong gwantes kung sino at saan ang may-ari nito*

*Mi*-lingi si Demos ngadto kang Dr. Tan. *Mi*-tutok. *Mi*-tutok
*AF-PERF+lingon S doon kay Dr. Tan AF-PERF+titig AF-PERF+titig*

usab ang mananambal kaniya. *Mi*-yango.
*ulit ang manggagamot niya AF-PERF+tango*

Hinay nga gidawat ni Demos ang gwantis ug iyang gihakgom
*dahan-dahan na tinanggap ni Demos ang gwantes at kanyang hinawakan*

sa duha ka kamot. *Gi*-simhot/*Mi*-simhot. *Gi*-tutok-*an*/*Mi*-tutok.
Sa dalawang kamay GF-/AF-PERF+singhot GF-/AF-PERF+titig
($IK_2$: 152.3)

`"Subukan mo nga itong gwantes kung kanino at nasaan ang may-ari nito."

Lumingon si Demos kay Dr. Tan. Tumitig. Tumitig din ang manggagamot sa kanya. Tumango.

Marahang tinanggap ni Demos ang gwantes at hinawakan niya sa dalawa niyang kamay. Inamoy. Tinitigan.'

*Gi*-liwag `iginalaw' ni *Florence* ng sadya *ang kanyang mata* na nasa P-fangksyon sa (57) upang makita ng maigi ang katagpo dahil hindi pa ito dumarating sa oras na kanilang pinagkasunduan at *gi*-tan-aw `tiningnan' din niya ng sadya ang relo dahil sa may tiyak siyang oras na binabantayan. Ang AF na konstraksyon nito ay nagpapahayag lamang ng isang natural na aksyon na ang tagapagpaganap at apektado ay ang *iyang mga mata* at *siya* na mga nasa $S_a$ na fangksyon.

(57) *Gi*-liwag na usab ni Florence ang iyang mga mata ug *gi*-pasuroy
*GF-PERF+ginalaw A P at GF-PERF+papasyal*

ang tinan-awan sa palibot. *Gi*-tan-aw ang taknaan
*Ø=A P GF-PERF+tingnan Ø =A P*

sa iyang pulso. (PKTA: 007)
*sa kanyang pulso*

`Iginalaw na naman niya ang kanyang mga mata at iginala ang kanyang mga mata sa paligid. Tiningnan niya ang relo sa kamay.'

Sa (58) sa ibaba, sinadyang *gi-pabundak* ng A (ina ng kasintahan niyang si Mirasol) ang *mga tiil* `mga paa' sa pagyapak dahil may Tuyo at Tumóng ito na gumawa ng ingay upang ipaalam kay Demos na ayaw siya ng mga ito para sa kanilang anak.

(58) Matag pamisita niya sa dalaga, bation niya ang kaingog ug kasanaw sa
*bawat bisita niya sa dalaga nararamdaman niya ang pagkaasiawa ng*

iyang mga panglihok gumikan sa dili maayo nga tinagdan sa mga
*kanyang mga galaw dahil sa hindi mabuti na trato ng mga*

ginikanan niini. Hait kaayo ang siniklapan ug bug-at ang mga tiil
*magulang nito matatalim masyado ang sipt at mabibigat ang mga paa*

na *gi*-pabundak sa pagtunob sa salog sa hamugaway nilang
*na GF-PERF+pabagsak P sa sahig sa komportable nilang*

panimalay samtang makig-estorya siya sa iyang hinigugma.(PKTA: 029)
*bahay habang nakikipag-usap siya sa kanyang minamahal*

'Tuwing dalaw niya sa dalaga, nararamdaman niya ang pagkaasiwa sa kanyang mga galaw dahil sa di mabuting pakikitungo ng mga magulang nito. Masyadong matatalim ang kanilang mga sulyap at mabibigat ang mga paa na padabog ang yapak sa sahig ng kanilang komportable at marangyang pamamahay habang nakikipag-usap siya sa kasintahan.'

**5.9 Pagkaapektado ng P: Pisikal o Di-Pisikal/Buo o Parsyal.** Ang aksyon ay mas matagumpay na naililipat kapag pisikal na apektado ng A ang P. Ito'y nangangahulugang may pisikal na pagbabago o di kaya'y may muvment sa panig ng P. At kung gayon ay Buo itong naapektuhan. Mahalaga ding talakayin sa bahaging ito ang lebel ng pagkaapektado ng aksyon sa gumagawa (A) nito at sa tagatanggap (P) ng aksyon na ito (kung ito'y Buo ba o Parsyal na aksyon). Kung ibabatay sa continuum ng pagkatransitibo ang mga panlaping *mi-*, *-an* at *n+pag-*, nasa may gitna ng iskeyl ang *mi-* habang nasa kabilang dulo naman ang *–an.* Sa *mi-* na katulad ng nasa (59a) sa ibaba, tanging ang $S_a$ lamang ang apektado ng aksyon sa pamamagitan ng pagsasagawa nito ng aksyon habang ang nasa kabilang dulo naman ay ang *–an* (sa 59b) kung saan ang P ay matagumpay na naapektuhan ng isinagawang aksyon ng A. Ang *n+pag-* na naman nasa (59c) ay nasa pagitang bahagi ng pagkatransitibo ng mga nauna sa dahilang ang $S_a$ ay kumakatawang tagakontrol at apektado ng aksyon sa pamamagitan ng pagsasagawa nito batay sa konsepto ni Klaiman (1988) ng apektadong entidad na binanggit sa ikalawang bahagi (#2) ng papel na ito.

(59) (a) *Mi*-duol siya sa babayi nga nagtindog.
*AF-PERF+lapit S na nakatayo*
'Lumapit siya sa babaeng nakatayo.'

(b) *Gi*-duol-*an* niya ang babayi nga nagtindog.
*PERF+lapit+GF A P na nakatayo*
'Nilapitan niya ang babaeng nakatayo.'

(c ) *Nag*-duol sila.
*AF-PERF+lapit S*
'Naglapit sila.'

(d) *Mi*-duol siya sa kahayag. ($IK_1$: 108)
*AF-PERF+lapit S sa liwanag*
'Lumapit siya sa liwanag.'

Sa (59d), biglang nakakita ng liwanag si Demos (S) sa dulo ng yungib kaya lumapit siya dito upang alamin kung iyon na ba ang lagusan. .

Nasakop ng buong aksyon ng A ang P sa GF na konstraksyon sa (60) sa ibaba dahil ang argyument na *sa kalibog* na nasa A-fangksyon ay matagumpay na umokupa sa P, *sa galamhan* 'isipan' *ni Dina.*

(60) *Gi*-hari-*an* pa ang galamhan ni Dina sa kalibog niarong hapona kung
*PERF+hari+GF pa P A nitong hapon na ito kung*

kinsa sa duha niya ka maghahalad ang iyang but-on... (DMD)
*sino sa dalawa niya na manliligaw ang sasagutin*

'Pinamamayanihan pa ng kalituhan ang isipan ni Dina kung sino sa dalawa niyang manliligaw ang pipiliin...'

Buong bahagi naman ng P *ang dakong kasubo* ay naramdaman ng A sa (61) sa ibaba habang ang AF na konstraksyon naman ay parsyal lamang ng P ang naramdaman ng S.

(61) Nakita niya ang tanan niyang kagahapon.
*nakita niya ang lahat niyang nakaraan*

*Gi*-bati niya karon ang dakong kasubo sa iyang pagbalibad
*GF-PERF+damdam A ngayon P sa kanyang pagtanggi*

sa mga sugo sa iyang ginikanan.
sa mga utos ng kanyang magulang

Bisan tulin ug daklit nga minglabay sa iyang panan-aw, apan natuhop
*Kahit mabilis at sandali na dumaan sa kanyang pagtingin ngunit pumasok*

ug natuhog niya ang mga kahulogan. Nagbasol siya. ($IK_1$. 138)
*at natuhog niya ang mga kahulugan nagsisi siya*

'Nakita niya ang lahat ng kanyang nakaraan.

Naramdaman niya ngayon ang matinding lungkot sa pagtanggi niya sa mga utos ng kanyang mga magulang.

Kahit mabilisan lang na dumaan sa kanyang paningin ang mga pangyayari, ngunit naintindihan at natuhog niya ang mga kahulugan nito. Nagsisisi siya.'

(62) *Mi*-bati siya karon ug dakong kasubo sa iyang
*AF-PERF+damdam S ngayon at malaki kalungkutan sa kanyang*

pagbalibad sa mga sugo sa iyang ginikanan.
*pagtanggi sa mga utos ng kanyang magulang*

'Nakaramdam siya ngayon ng matinding lungkot dahil sa ginawa mga niyang pagtanggi sa mga utos ng kanyang magulang.'

Dito naman sa (63), pinipilit ng A na kilalanin ang sarili dahil sa tila nagka-amnesia siya at di na niya matandaan kung sino at kung saan siya nanggaling. Ang paggamit ng AF na konstraksyon sa kontekstong ito ay nangangahulugang minsan sa nakaraan ay sumubok siyang kilalanin ang sarili ngunit walang pagsusumikap na makamit ito kung kaya't maaaring hindi siya magtagumpay dito o kung nakilala man niya ang sarili'y kaunti lamang.

(63) Misandig siya sa usa ka pader. Iyang gipalusot ang iyang panan-aw
*sumandal siya sa isang pader kanyang pinalusot ang kanyang panan-aw*

ngadto sa kagahapon sa iyang pagkatawo.
*doon sa kahapon ng kanyang pagkatao*

*Gi*-suway-*an* niyag tugkad ang iyang kaugalingon. (KNK: 019)
*PERF+subok+GF A P*

'Sumandal siya sa isang pader. Ipinalagpas niya ang kanyang paningin sa kanyang nakaraan.
Sinubukan niyang kilalanin ang sarili.'

(64) *Gi*-among-among-*an* siya ni Bert, ang anak ni Mayor Moran.
*PERF+lapastangan+GF P A ang anak ni Mayor Moran*
(KNK. 7)

'Nilapastangan siya ni Bert, ang anak ni Mayor Duran.'

Sa mga GF na konstraksyon sa (64), kakikitaan na ang mga ito ay nagpapakita ng tunay na pagkatransitibo ng aksyon. Malinaw na sa konteksto ng kwento, lubusang apektado si Riza (P) sa paglalapastangan sa kanya ni Bert (A) kung kaya't siya ay nasiraan ng bait. At di naman nagtagal, nasiraan din ng bait si Bert dahil hindi rin niya napaibig si Riza kung kaya't pinaniniwalaan ng kanilang mga kabaryo na pinarusahan siya ng Diyos sa kanyang ginawa. Kahit na sa anong konteksto, ang GF na konstraksyon ang kadalasang ginagamit sa ganitong mga uri ng predikeyt.

Tunay na aksyon din at hindi estado ang ipinapahayag ng mga pandiwang ito kapag nasa AF na konstraksyon ngunit mas transitibo pa rin ang mga pandiwang ito kapag nasa GF na konstraksyon dahil apektado ang pangkabuuan ng P sa mga konstraksyon na ito habang parsyal lamang sa mga AF katulad ng ipinapahayag na kahulugan nito sa (65) sa ibaba:

(65) *Mi*-duol siya kang Dr. Tan Siya *mi-kuhit* sa walang
*AF-PERF+lapit S Obl Dr. Tan siya AF-PERF+kalabit sa kaliwang*

abaga. Wala niya maabot. *Mi*-duol pa gayod siya ug *mi-gunit*
*balikat hindi niya naabot AF-PERF+lapit pa talaga siya at AF PERF+ hawak*

sa mao gihapong abaga.
*sa siya pa ring balikat*

'Lumapit siya kay Dr. Tan. Kinalabit niya ang kaliwang balikat. Hindi niya naabot. Lumapit pa siya at hinawakan ang kaliwa pa ring balikat na iyon.'

Ang mga AF na konstraksyon sa mga pandiwang *kuhit* 'kalabit' at *gunit* 'hawak' ay nagbibigay ng ibang kahulugan sa konteksto. Ang nauna ay nangangahulugang bahagi lamang ng balikat ang kinalabit ng agent habang ang nahuli ay nangangahulugang humawak siya sa balikat ng patient hindi upang apektuhan ito kundi upang hindi siya mahulog o matumba kung kaya't siya ring tagapagpaganap ang makikinabang ng aksyon.

**5.10 Individuation: Individuated o Non-Individuated.** Sinasabi sa parametrong ito na kapag nabanggit na ang isang refererent, o di kaya'y given na sa konteksto, ito ay nagiging definit o tiyak at isang lumang impormasyon na Hindi Referensyal ngunit definit ang P na *sa usa ka pader* (66) sa AF na konstraksyon sa ibaba dahil sa konteksto ng kwento ay hindi pa nababanggit ang NP na ito at minamarkahan ito ng *sa*.

(66) Unya milingi siya sa iyang likoran. Wa na niya makita ang naggukod
*tapos lumingon siya sa aking likoran hindi na niya nakita ang humahabol*

kaniya – ang iyang gikahadlokan. Oo, nalisang siya niini.
*sa kanya ang kanyang kinakatakutan oo nagimbal siya nito*

sa katawa niini.
*sa tawa nito*

*Mi*-sandig siya sa usa ka pader. (KNK: 015)
*AF-PERF+sandal S sa isang pader*

`Pagkatapos ay lumingon siya sa kanyang likoran. Hindi na n'ya makita ang humahabol sa kanya – ang kinakatakutan niya.
Oo, natakot siya nito. Sa tawa nito.
Sumandal siya sa isang pader.'

Ang GF naman na konstraksyon dito sa (67) isang transitibong aksyon. Sa tagpong ito, tinatanong ni Martin ang ina ni Riza kung bakit ito tulala at ang proposisyong ito ang kanyang isinagot. Parehong Referensyal ang A at P dahil nabanggit na ito at pareho ding kilala ng nag-uusap ang pinag-uusapan.

(67) "Naa, tan-awa si Riza, Dong Martin. Di na siya makaila kanimo
*meron tingnan si Riza Dong Martin hindi na siya nakakakilala sa iyo*

Nganong nahitabo man kini kaniya, Nang?"
*bakit nangyari ito sa kanya Nang*

*Gi*-among-among-*an* siya ni Bert, ang anak ni Mayor Moran. Grabe ang
*PERF+lapastangan+GF P A ang anak ni Mayor Moran grabe ang*

iyang pagka-shock. Dili na siya ganahang mukaon. (KNK: 029)
*kanyang pagka-shock hindi na siya ginaganahang kumain*

`Ayan, tingnan mo si Riza, Martin. Hindi ka na niya makilala.
Bakit nangyari ito sa kanya, Manang?
Nilapastangan siya ni Bert, ang anak ni Mayor Moran. Malubha ang kanyang pagka-shock. Wala s'yang ganang kumain.'

Referensyal at definit din ang P na *bukag* `kaing' sa (68) sa ibaba at minamarkahan ito ng *ang* marker. Sa tagpong ito, nag-uusap-usap ang mga mangingisda sa tabi ng baybayin habang pinanonood ang habagat sa laot. Nasa kanilang tabi ang kanilag *bukag* (P) na pinagsisidlang ng kanilag baon at gamit pangingisda. Kung kaya't nang magdesisyon silang suungin ang malakas na hangin ay tumayo si Semeon (kini na nasa A-fangksyon) at binitbit ang kanyang kaing.

(68) "Ato nang giani ang giingon ni kanhi Presidente Quezon: `a government run like hell by Filipinos," ug mikatawa nga nahimuot sa iyang iningles, apan sa iyang kahiladman, gibati niya ang kahiubos sa gisangpotan sa maong prinsipyo.

*Gi*-bitbit niya ang iyang bukag nga gisudlan sa mga himan sa
*GF-PERF+bitbit A P na pinaglagyan sa mga gamit sa*

panagat ug milusad sa dagat sunod kang Semeon. (GNH: 059.2)
*pananagat at umusad sa dagat sumunod kay Semeon*

'Inaani na natin ang sinabi ni dating Pangulo Quezon: "a government run like hell by Filipinos," at tumawa dahil natawa sa kanyang Ingles, ngunit sa kanyang puso'y dama niya ang sama ng loob sa sinapit ng ganitong prinsipyo. Binitbit niya ang kanyang kaing na pinaglagyan ng mga gamit sa pangingisda at lumusong sa dagat kasunod ni Semeon.'

**6. Ang Morpolohiya ng Verb sa SEB**

Dito ay pahapyaw na ipapakita at ipapaliwanag ang pagmamarka ng keys at pagbubuo ng verb sa SEB.

**6.1 Mga nominal na keys marker**

Ang SEB ay gumagamit ng mga keys marker upang markahan ang mga nominal nito batay sa relasyon nito sa predikeyt. Ito ay maaaring hatiin sa tatlong grupo. Makikita sa Teybol 11 sa ibaba ang paggugrupo ng mga ito. Dito, ang mga marker ay ikinakategorays batay sa S, A at P at hindi na sakop ng pag-aaral na ito kung anong tipo o sitema ng pagmamarka nabibilang ang wikang ito.

**Teybol 4. Mga nominal na keys marker**

| | A | S/P | OBL |
|---|---|---|---|
| **Tiyak na NP** | $Sa_1$ | Ang | $Sa_2$ |
| **Di-Tiyak na NP** | | | ug |
| **Personal na Pangalan** | Ni | Si | kang |

Ipinapaliwanag sa mga halimbawa sa (69)-(72) sa ibaba ang fangksyon ng mga nominal na keys marker na ito sa SEB.

(69) *Na*-matikd-*an* sa dalaga ang hinay nga pagpangurog
*PT-St+pansin+GF A P*

sa iyang lawas...
*Obl kanyang katawan*
'Napansin ng dalaga ang bahagyang panginginig ng kanyang katawan...'

(70) *Mi*-kuha ang babayi ug flashlight.
*AF-PT+kuha S Obl*
'Kumuha ang babae ng flashlight.'

(71) *Gi*-tanyag-*an* ni Dinah ug lingkoranan si Nang Chita.
*PF+alok+GF A Obl P*
'Inalokan ni Dinah ng upuan si Manang Chita.'

(72) *Gi*-bawi niya kang Mrs. Viajante ang cellphone.

*GF-PT+bawi A Obl P*
'Binawi niya kay Mrs. Viajante ang cellphone.'

Ang (69), (71) at (72) ay mga GF na konstraksyon. Minamarkahan ng *sa* keys marker ang argyument na *dalaga* sa (69), *ni* naman ang argyument na *Dinah* sa (71) at *niya* naman sa (72) ang siyang gumawa at nagmamay-ari ng aksyong ipinapahayag ng predikeyt. Ang mga ito ay mas may katangian ng A habang ang mga nasa P naman na minamarkahan ng keys marker na *ang* at *si* ang direktang dumaranas ng aksyon katulad ng mga NP-argyument na *ang hinay nga pagpangurog sa iyang lawas* sa (69), *si Nang Chita* sa (71) at *ang cellphone* sa (72).

Sa kabilang banda, ang konstraksyon naman sa (70) ay isang AF na konstraksyon kung saan minamarkahan din ng keys marker na *ang* ang S-argyument na *babayi* na siyang tagapagsagawa ng aksyon ng predikeyt sa konstraksyong ito. At minamarkahan naman ng keys marker na *ug* ang peysyent nito. Ang tawag sa marker ng ganitong konstraksyon ay Oblik (Obl) bilang peysyent na di-definit at di-referensyal.

(73) *Ni*-patay ko ug tawo/*sa tawo.
*AF-PT+patay S Obl*
'Pumatay ako ng tao.'

Makikita naman sa halimbawa sa (73) na nasa AF na konstraksyon na *ni-+ patay* na tinatanggap lamang ang Obl at Di-definit na markang *ug* na nangangahulugang hindi hayop ang pinatay o iba pa na pwedeng patayin kundi *tao* ngunit di-tiyak kung sino ang taong ito sa punto-de-vista ng nagsasalita. Ginagamit sa SEB ang *sa* bilang Tiyak na keys marker na nangangahulugan referensyal o given na sa konteksto ang $S_p$[1] (ang *sa tawo* sa halimbawang ito) na wala naman sa konsepto ng SEB kung kaya't hindi ito gramatikal sa konstraksyon na ito.

(74) *Ni*-tilaw siya sa keyk nga imong hinatag.
*AF-PT+tikim S sa Obl na iyong binigay*
'Tumikim siya sa keyk na ibinigay mo.'

Ang predikeyt naman na *ni-+tilaw* sa (74) at nasa AF na konstraksyon ay maaaring tumanggap ng Obl at Tiyak na marker na *sa* ngunit hindi pa rin ito ganap na dumaranas ng aksyon na katulad ng P-argyument sa isang GF na konstraksyon dahil nangangahulugan itong parsyal lamang ng peysyent ang naapektuhan ng aksyon at sa kontekstong ito, tumikim lamang ang aktor ng kaunti sa $S_p$.

**6.2 Mga Pronawn**

Sa bahaging ito ay ipinapakita ang gamit ng mga pronawn at demonstrativ pronawn sa S, A at P na fangksyon.

**Teybol 5. Mga pronawn sa SEB**

| | A | S/P | OBL |
|---|---|---|---|
| **Una** | Nako | ako (ko) | kanako/sa ako |
| **Pangalawa** | nimo (mo) | ikaw (ka) | kanimo/sa imo |
| **Pangatlo** | Niya | Siya | kaniya/sa iya |
| **Una (incl.)** | Nato | kita (ta) | kanato/sa ato |
| **Una (excl.)** | Namo | kami (mi) | kanamo/sa amo |
| **Pangalawa (Pl.)** | Ninyo | kamo (mo) | kaninyo/sa inyo |
| **Pangatlo (Pl.)** | Nila | Sila | kanila/sa ila |

(75) *Gi*-pusil sa pulis/niya ang kawatan/siya.
*GF-PT+baril ng A ang P*
'Binaril ng pulis/niya ang magnanakaw/siya.'

Sa halimbawa sa (75), ang mga pronawn na nasa kategoryang A ay ipinamamalit sa mga argyument na siyang may-ari, pinanggalingan at may kontrol ng aksyong ipinapahayag ng predikeyt, referensyal man ito o hindi sa konteksto habang ang mga pronawn naman na nasa S/P na kateorya ay may semantik rowl na peysyent o direktang apektado ng aksyon ng eyjent. Ang mga pronawn naman na nasa Oblik katulad ng *sa ako* sa (76) ay definit at referensyal ngunit hindi naman direktang apektado ng aksyon o walang pisikal na pagbabago sa parte ng peysyent.

(76) *Na*-ulaw siya *sa ako.*
*AF-St+hiya S sa Obl*
'Nahiya siya sa akin.'

Makikita naman sa Teybol 6 sa ibaba ang iba't ibang mga demonstrativ na pronawn at sumunod naman dito ang mga iba't ibang gamit nito.

**Teybol 6. Mga demonstrativ pronawn sa SEB**

| | A | S/P | OBL |
|---|---|---|---|
| **Nito** | Niini | kini | niini |
| **Niyan** | Niana | kana | niana |
| **Niyon** | Niadto | kato | niadto |

Ang mga demonstrativ na pronawn ay ginagamit bilang pamalit sa mga referensyal na NP. Sa (77) na isang AF na konstraksyon, maaaring lamang ipalit ang *kini* sa S na may sematik rowl na eyjent habang sa (78) naman ay sa P-argyument na may sematik rowl na peysyent at nasa GF na konstraksyon.

(77) *Mi*-kaon *siya/kini* niini/*kini.
*AF+PT+kain S P*
'Kumain siya/ito nito/*ito.'

(78) *Gi*-kaon niini ang mga bayabas/kini/*niini.
*GF-PT+kaon A P*
'Kinain nito ang mga bayabas/ito/*nito.

Sa kabilang banda, may dalawang uri din ng kategorya na maaaring katawanin ng mga demonstrativ pronawn na *niini*, *niana* at *niadto*. Sa mga AF konstraksyon na katulad ng nasa (77) ito ay nasa Obl habang sa (78) naman na nasa GF, ito ay pamalit sa A-argyument.

### 6.3 Mga Verbal na Panlapi

Ang mga pandiwa sa SEB ay binubuo ng istem at ng mga panlaping kumakatawan sa voys, aspek at mowd.

**Teybol 7. Mga verbal na panlapi sa SEB**

| Aspek at Mowd | GF | AF |
|---|---|---|
| Imperfektibo | ga-…-un, gina-…, ga-…-an | nag-/ga- |
| Perfektibo | gi-, gi-…-an | mi-/ni-~n-repleysiv |
| Kontempleyted | -un, i-, -an | mu-~m-repleysiv |

#### 6.3.1 Mga Istem at Istem-forming na Panlapi

Ang mga istem ay maaaring kabitan mga istem-forming na panlapi.

**6.3.1.1 Pag-.** Ang *pag-* na istem-forming na panlapi ay maaaring kabitan ng *m-* para sa mga AF na panlaping nagpapahayag ng mga kontemplatibong aspek na inaasahang mangyayari sa hinaharap at *n-* para naman sa mga pangyayaring imperpektibo (tulad ng nasa (79a) at perpektibo (tulad ng nasa 80a). Kadalasang ang newtral na anyo nito'y makikita sa mga negatibong konstraksyon na may *ayaw* sa (79b) at (80b). Ipinapakita din sa ibaba ang istruktura at pagkakasunud-sunod ng paglalapi ng mga halimbawang predikeyt na pandiwa.

(79) (a) *Nag-dahom* sila nga moabot na ang mga baligya.
'*Umaasa sila na darating na ang mga paninda.*'

(b) Ayaw mo *pag-dahom* nga moabot na ang mga baligya.
'*Huwag kayong umasa na darating na ang mga paninda.*'

*magdahom*: $[m[pag[dahom]_1]_2]_3$

(80) (a) *Nag-lumba* ang mga bata sa pagpanagan.
'*Nag-uunahan ang mga bata sa pagtakbo.*'

(b) Ayaw mo *pag-lumba* sa pagpanagan.
'*Huwag kayong mag-unahan sa pagtakbo.*'

*naglumba:* $[n[pag[lumba]_1]_2]_3$

(81) (a) *Mag-adtu-an* ko sa ilang balay sa una.
'*Palagi akong pumupunta sa bahay nila noon.*'

*mag-adtuan*: $[m[pag[[adto]_1an]_2]_3]$

(b) *Mag-kan-an-an* ang akong igsuon didto sa among lolo.
*`Palaging kumakain ang kapatid ko sa lolo naming.'*

*magkan-anan*: $[m[pag[[[kaon]_1 an]_2 an]_3]_4]$

**6.3.1.2 Pang-.** Ang *pang-* na istem-forming na panlapi ay maaari ding kabitan ng *m-* para sa mga AF na panlaping nagpapahayag ng mga kontemplatibong aspek na inaasahang mangyayari sa hinaharap at *n-* para naman sa mga pangyayaring imperpektibo. Bukod pa rito'y maaari din itong kabitan ng mga GF na panlapi at iba pang istem-forming na panlapi. Kadalasang ang newtral na anyo nito'y makikita sa mga negatibong konstraksyon na may *ayaw* sa (82b) at (83b).

(82) (a) *Mamupo* sila ug kapi sa uma.
*`Mamimitas sila ng kape sa sakahan.'*

(b) Ayaw mo *pamupo* ug kapi sa uma.
`Huwag kayong mamimitas ng kape sa sakahan.'

*mamupo*: $[m[pang[pupo]_1]_2]_3]$

(83) (a) *Mang-laba* ko ug daghang karsunis.
*`Maglalaba ako ng maraming pantalon.'*

(b) Ayaw na *pang*-laba ug mga karsunis.
*`Huwag ka nang maglaba ng mga pantalon.'*

*manglaba*: $[m[pang[laba]_1]_2]_3]$

**6.3.1.3 ka-.** Ang *ka-* na istem-forming na panlapi ay may kaakibat na kahulugan ng pagiging estado ng aksyon. Ito ay maaaring kabitan ng *m-* na mga AF na panlaping nagpapahayag ng mga kontemplatibong aspek na inaasahang mangyayari sa hinaharap at *n-* para naman sa mga pangyayaring imperpektibo. Kadalasang ang newtral na anyo nito'y makikita sa mga iteratibong konstraksyon na may *sige ug* sa (84b) at (85b).

(84) (a) *Na-kugang* si Victor, "bisan ospital tulison pa?" ($IK_2$: 059.2)
*`Nagimbal si Victor, "kahit ospital hinohaoldap?"'*

(b) Sige'g *ka-kugang* si Victor.
*`Palaging nagigimbal si Victor.'*

*nakugang:* $[n[ka[kugang]_1]_2]_3]$

(85) (a) *Na-tugaw* ang ilang paghinabi dihang ilang namatikdan… ($IK_2$: 015.1)
*`Naputol ang kanilang pagkukwentuhan nang...*

(b) Sige'g *ka-tugaw* ang ilang paghinabi.
*`Palaging napuputol ang kanilang pagkukwentuhan.'*

*natugaw:* $[n[ka[tugaw]_1]_2]_3]$

Maaarin din itong kabitan ng mga GF na panlapi katulad ng nasa (86) sa ibaba. Pansinin na ang AF na form nito'y nasa newtral na anyo na kinakabitan ng AF na panlaping *n-* na nasa imperpektibong aspek.

(86) GF: Apan *gi*-kaguol niya ang ilang pagnilay-anay ni Mirasol. (PKTA)
*'Ngunit labis niyang ikinalungkot ang kanilang pagkakalayo ni Mirasol.'*

*gikaguol*: $[gi[ka[guol]_1]_2]_3]$

AF: Apan *na*-guol siya sa pagnilay-anay nila ni Mirasol.
*'Ngunit nalungkot siya sa pagkakalayo nila ni Mirasol.'*

*naguol*: $[n[ka[guol]_1]_2]_3]$

**6.3.1.4 Paka-.** Ang *paka-* na istem-forming na panlapi ay katulad din ng mga nauna na maaaring kabitan ng *m-* para sa mga AF na panlaping nagpapahayag ng mga kontemplatibong aspek na inaasahang mangyayari sa hinaharap at *n-* para naman sa mga pangyayaring imperpektibo. Bagama't hindi na litaw ang newtral na anyo nito sa SEB at Tagalog (TAG), ngunit makikita pa rin ito sa mga negatibong konstraksyon na may *hadi* sa Higaonon[2] (HIG) sa (87a) at (87b). Makikita din ito sa negatibong konstraksyon ng Waray[3] (WAR) na may negatibong marker na *waray* katulad ng nasa (87c at d).

(87) (a) SEB: Dili ko *maka-ginhawa.*
HIG: Hadi a *paka-gahinawa.*
TAG: Hindi ako *maka-hinga.*

*makaginhawa*: $[m[paka[ginhawa]_1]_2]_3]$

(b) SEB: Dili ko *maka-kaon.*
HIG: Hadi a *paka-kaon.*
TAG: Hindi ako *maka-kain.*

*makakaon*: $[m[paka[kaon]_1]_2]_3]$

(c) SEB: Wala pa ko *maka-kaligo.*
WAR: Waray pa ko *paka-karigo.*
TAG: Hindi pa ako *naka-ligo.*

*makakaligo*: $[m[paka[ka[ligo]_1]_2]_3]_4]$

(d) SEB: Wala pa ko *maka-laba.*
WAR: Waray pa ko *paka-laba.*
TAG: Hindi pa ako *naka-paglaba.*

*Makalaba*: $[m[paka[laba]_1]_2]_3]$

### 6.4 Aspek at Mowd

Ipapaliwanag sa bahaging ito ang isa sa mga komplikadong komposisyon ng gramar ng SEB: ang Aspek at Mowd. Ito ay mga konseptwal na nosyon na mahirap paghiwalayin at kadalasang kinokowd ito na magkakasabay sa iisang panlapi.

**6.4.1 Aspek.** Ang *aspek* ay ang pagtanaw sa internal na istrukturang temporal ng isang pangyayari (Bybee, 1985). May tatlong uri ng aspek sa pag-aaral na ito: *perfektibo, imperfektibo* at *kontemplatibo.*

**6.4.1.1 Perfektibo.** Tinitingnan nito ang isang pangyayari o aksyon sa pangkabuuan na natapos at matagumpay na naisagawa. Kadalasan, ayon kay Bybee (1985), ang Tens na Pangnagdaan at ang fangksyon na ito ay nag-ooverlap.

**6.4.1.1.1 Tiyak na Tapos.** Ang mga pangyayari sa nakaraan ay tiyak na tapos kapag matagumpay na naisagawa ang aksyon at tiyak na nasakop nito ang buong sakop ng panahong pangnagdaan. Kadalasang ikinakabit ito sa mga leksikon na nagpapahayag ng *maikling aksyon* (tindog 'tayo', lakang 'hakbang', singgit 'sigaw', etc.) o may kahulugan na likas nang walang internal na istrukturang temporal dahil ito ay nangyayari na pangmadalian lamang. Ang mga predikeyt na nasa AF at GF na konstraksyon katulad ng nasa (88) sa ibaba. Sa mga GF na konstraksyon, nagpapahayag ito ng direkta at matagumpay na paglilipat ng aksyon mula sa A patungo sa P kung kaya't ito ay may aspektong tiyak na tapos. Gayundin sa mga AF na konstraksyon na nagpapahayag ng mga maiikling aksyon katulad ng predikeyt sa ibaba na *kanaog* 'baba' at *lantaw* 'tanaw.'

(88) *Mi*-kanaog si Gorio sa iyang payag nga duol ra sa
*AF-PT+baba si S Obl kanyang kubo na malapit lang sa*

baybayon ug *mi*-lantaw sa lawod. Kusog gihapon ang habagat
*dalampasigan at AF-PT+tingin sa laot malakas pa rin ang habagat*

nga maila sa kinanaas sa mga dahon sa lubi. *Gi*-subay niya
*na makikita sa pagaspas ng mga dahon ng niyog GF-PT+hanap A*
*kanyang bangka na*

*ang iyang sakayan nga gi-patong sa mga bangnanan ug gi-limas*
*ang P na GF-PT+patong sa Pl ahunan at GF-PT+limas*

ang binilin sa ulan kagabii.
*ang P sa ulan kagabi*

'Bumaba si Gorio mula sa kanyang kubo na nasa tabi lang ng baybayin at tumingin sa laot. Malakas pa rin ang habagat na makikita mula sa pagaspas ng dahon ng niyog. Hinanap niya ang kanyang bangka na ipinatong sa ahunan at nilimas ang tubig sa loob na tira ng ulan kagabi.'

**6.4.1.1.2 Di-Tiyak na Tapos.** May mga pangyayari sa nakaraan kung saan hindi tiyak kung kailan ito nagsimula, ilang beses ginawa, kailan nagtapos at hindi nito nasakop ang buong panahon sa nakaraan. Makikita sa (89a)-(91a) na mga halimbawa na ang mga predikeyt na minamarkahan ng AF na panlaping *mi-* at *nag-* at gayundin ang mga GF na panlaping *gi-* ay

nagpapahayag ng pangmadalian at tiyak na aksyong naganap sa nakaraan. Samantalang kung titingnan ang mga AF na panlaping *mi-* sa (89-90b) at (91) na kapalitan ng panlaping *gi-* sa pandiwang *sul-ob* `suot' at *sukod* `sukat' at gayundin ang *nag*-pasalamat sa (91), ang mga ito ay nagpapahayag ng aksyong di-tiyak na ginawa sa nakaraang panahon.

(89) (a) *Mi*-dagan si Pilang paingon sa ambulansya, apan nahabilin
*AF-PT+takbo si A papunta sa ambulansya ngunit naiwan*

ang iyang usa ka tsinelas. *Mi*-balik siya sa agi ug
*ang P AF-PT+balik S Obl daan at*

*gi-sul-ob* ang nahabilin nga tsinelas. ($IK_1$: 256)
GF-PERF+suot Ø=A P na tsinelas

`Tumakbo si Pilang palapit sa ambulansya, ngunit naiwan ang isa niyang tsinelas. Bumalik siya sa kanyang dinaanan at isinuot ang naiwang tsinelas.'

(b) ... *Mi*-balik siya sa agi ug *mi-sul-ob* sa nahabilin nga tsinelas.
*`... Bumalik siya sa kanyang dinaanan at isinuot ang naiwang tsinelas.'*

(90) (a) *Gi*-kuha ni Sally ang sinina gikan sa kaban ug *gi-sukod* kini.
*GF-PT+kuha ni A ang P mula sa baul at GF-PT+sukat P*
`Kinuha ni Sally ang damit mula sa baul at isinukat ito.'

(b) *Gi*-kuha ni Sally ang sinina gikan sa kaban ug *mi-sukod* niini.
*GF-PT+kuha ni A ang P mula sa baul at AF-PT+sukat S*
`Kinuha ni Sally ang damit mula sa baul at *sumukat nito.'

(91) Nalipay ang babaye sa nahitabo mao nga *mi-pasalamat/*
*natuwa ang S sa nangyari kaya nga AF-PT+pasalamat/*
`Natuwa ang babae sa nangyari kaya nagpasalamat siya sa katulong.'

*nag-pasalamat* siya sa sulugu-on.
*AF-PT+pasalamat siya sa katulong*

**6.4.1.1.3 Resultatibo.** Tinitingnan nito ang isang pangyayari o aksyon bilang resulta ng nakaraang pangyayari. Ang pangyayaring ito ay nagreresulta upang maalis ang tunay na kahulugan ng pagiging aksyon ng pangyayari at ito ay magiging estado na lamang na nagsimula sa nakaraan. Makikita ang ganitong uri ng fangksyon sa mga AF na konstraksyon na minamarkahan ng *naka-* sa (92)-(94).

(92) Dihadiha *naka*-pahiyom siya.
*agad-agad AF-PT-Stv+pangiti S*
`Agad-agad siyang napangiti.'

(93) *Naka*-katawa siya sa nakita.
*AF-PT-Stv+patawa A sa nakita*
`Natawa siya sa kanyang nakita.'

(94) Nadungog niya ang singgit nga tingog ni Nang Rosita,
*narinig niya ang pasigaw na boses ni Aling Rosita*
`Narinig niya ang pasigaw na boses ni Aling Rosita, ang ina ng dalaga,

ang inahan sa dalaga, *naka*-pahitalunong kaniya
*ang ina ng dalaga AF-PT-Stv+pahinto Obl kanya*
ito'y nakapagpahinto sa kanya upang makinig sa may hagdan.'

sa pagpaminaw sa tugkaran. (PKTA: 036)
*sa pakikinig sa ibaba ng hagdan*

**6.4.1.2 Imperfektibo.** Tinititingnan nito ang isang pangyayari o aksyon mula sa *'loob'* kung saan ito ay nag-umpisa na sa nakaraan at kasalukuyang nagaganap ngunit walang tiyak na limitasyon o pagtatapos.

**6.4.1.2.1 Progresibo.** Ito ay mula sa perspektiba ng pangyayari kung saan nagsimula sa nakaraan at patuloy na nangyayari sa kasalukuyan at walang tiyak na pagtatapos sa hinaharap. Ang aspektwal na panlapi na ito ay katulad ang fangksyon sa Tense na Panghinaharap na ikinakabit din sa mga tunay na aksyon at pangyayari lamang at hindi sa mga estadong aksyon.

(95) *Nag*-padayon sa pagpangatahoran si Edgardo ngadto sa nataran.
*AF-IMPT+patuloy sa pagkatok si S doon sa may hagdan*
`Nagpatuloy sa pagkatok si Edgardo sa may hagdan.'

*Nag*-lungotlungot gayod nga makasaka ang ulitawo. (DMD: 050)
*AF-IMPT+samo talaga na makaakyat ang S*
`Nagsusumamo talagang makaakyat ang binata.'

(96) "Tua sila sa uma. *Nam*upo sila ug kapi." (DMD: 010)
*nandoon sila sa bukid AF-IMPT+pitas S Obl kape*
`Nandoon sila sa bukid. Namimitas ng kape.'

(97) Hangtod ning mga adlawa *nag*-pabilin siyang
*hanggang nang mga araw na ito AF-IMPT+panatili S na*
`Hanggang sa mga araw na ito nananatili pa rin siyang

*nag*-handom kang Mirasol. (PKTA: 020)
*AF-IMPT+alaala Obl Mirasol*
nananabik kay Mirasol.

**6.4.1.2.2 Habitwal.** Ang pangyayari o aksyon ay nagiging habitwal kapag ito ay walang pagbabago sa paglipas ng panahon kung kaya't ito ay nagiging estado na maaaring ikumpara sa mga dinamiko o tunay na aksyong mga pandiwa. Ito ay tila mga progresibong pangyayari ngunit hindi nangangahulugang nangyayari nga ito o ginagawa sa kasalukuyan (Givon, 2001). Ang mga halimbawa sa (98)-(99) ay nagsasaad ng mga estadong aksyon na tila mga pangyayari na "mula sa loob" o likas na sa $S_a$.

(98) (a) ~~Mu~~-kaon/*Mu*-patay ko ug tawo.
*AF-IMPT+patay S Obl tao*
`Kumakain/Pumapatay ako ng tao.'

(b) *Mu*-inom man ang akong bana.
*AF-IMPT+inom ang S*
`Umiinom ang bana ko.'

(c) *Mu*-inom si Jenny ug kapi.
*AF-IMPT+inom ang S Obl kape*
`Umiinom ako ng kape.'

(99) (a) *Ga*-eksersays na siya.
*AF-IMPT+eksersays na S*
`Nag-eeksersays na siya.'

(b) *Ga*-pamaak ang bata sa iyang mga kadula.
*AF-IMPT+kagat ang S Obl kanyang Pl kalaro*
`Nangangagat ang bata sa kanyang mga kalaro.'

(c ) *Mag-/Ga*-hagok siyang matulog.
*AF-IMPT+hilik S na matulog*
`Naghihilik siya kapag natutulog.'

**6.4.1.2.3 Inseptibo.** Tinitingnan nito ang pangyayari o estado na kinakabitan ng perpektibong panlapi mula sa pag-uumpisa nito sa nakaraang panahon at patuloy na nangyayari hanggang sa hinaharap na walang pagtatapos o limitasyon katulad ng mga nasa (100)-(103). Sa konstraksyon sa (100), halimbawa, ang predikeyt na *sabot* `intindi' ay minamarkahan ng *naka-* na isang perpektibong panlapi ngunit sa kontekstong ito, diretsahang sinabi ni Aling Chita kay Dinah na hindi nila ito gustong mapangasawa ng kanilang anak at sinasabi niya sa dalaga na marahil ay naiintindihan naman siguro niya iyon kung bakit. Ang predikeyt dito na *naka-sabot* `naiintindihan' ay nangangahulugang nagsimula ang estado ng pagkaintindi sa nakaraan at hanggang sa kasalukuyan ay dinaranas pa rin ng $S_A$ patungo sa panahon sa hinaharap.

(100) "Wala ka namo magustohi. Ug *naka*-sabot ka tingali kung
*hindi ka namin gusto at AF-IMPT+intindi S siguro kung*
`Hindi ka namin gusto. At naiintindihan mo siguro kung bakit..." ayon

ngano..." matod pa ni Nang Chita. (DMD: 026.3)
*bakit sabi pa ni Aling Chita*
kay Aling Chita.'

(101) "*Na*-hadlok ako kon mahibalo unya si Tatay ug Nanay nga
*AF-IMPT+takot S kung makaalam si Itay at Inay na*

nagsabak na ako!" (PKTA: 064)
*buntis na ako*
`Natatakot ako na malaman ni Itay at Inay na buntis na ko!'

(102) *Nahi*-bulong gayod ang mga silingan sa nahitabo. *Nahi*-balu-*an* na
*AF-IMPT+taka talaga ang Pl S sa nangyari natuklasan na*
`Talagang nagtaka ang mga kapitbahay sa nangyari. Nalaman na

sa tibuok baryo ang sikreto.
*ng buong baryo ang sikreto*
baryo ang sikreto.'

(103) Bisag sa dugay nang panahon nga wala siya niadtong lugara,
*kahit sa tagal ng panahon na wala siya noon lugar na iyon,*
`Kahit matagal nang panahon ang nakalilipas at wala na siya sa lugar na

*naka*-ila gihapon si Beth sa iyang mga higala.
*AF-IMPT+kilala pa rin si S Obl kanyang mga kaibigan*
iyon, kilala pa rin niya ang kanyang mga kaibigan.'

**6.4.1.3 Kontemplatibo.** Tinitingnan nito ang isang pangyayari o aksyon na gagawin pa lamang o mangyayari sa panghinaharap.

**6.4.1.3.1 Tiyak na Panghinaharap.** Ito ay mga pangyayari o aksyong tinitingnang tiyak na mangyayari sa panghinaharap. Dito, tinitingnan na tiyak na mangyayari at matagumpay na maisasagawa ang aksyon at tiyak na masasakop nito ang buong sakop ng panahong panghinaharap. Katulad din ito ng sa aspektong Tiyak na Tapos kung saan ang panlapi nito ay kadalasang ikinakabit sa mga leksikon na *compact*[4] o may kahulugan na likas nang walang internal na istrukturang temporal dahil ito ay nangyayari ng pangmadalian lamang. Malinaw na makikita sa mga halimbawa sa (104a) at (105a) na pawang mga GF na konstraksyon na kung saan ang mga predikeyt na minamarkahan ng *–on* ay nagpapahayag ng tiyak na pangyayari sa panghinaharap. Habang ang mga AF na konstraksyon naman sa (104b) at (105b) na minamarkahan ng voys na panlaping *mu-* ay nagpapahayag naman ng di-tiyak na aksyon sa panghinaharap. Ito'y di-tiyak dahil hindi matutukoy kung kailan ito magsisimula at kung ilang beses magaganap o gagawin.

(104) (a) Paglig-on niini, *lahos-on* ko pag-ingon nga dili ikaw ang babaye para sa among anak.
*`Bilang patunay nito, diretsahan ko nang sasabihin na hindi ikaw ang babaeng nararapat sa aming anak.'*

(b) Paglig-on niini, *mu-lahos* ko pag-ingon nga dili ikaw ang babaye para sa among anak.

(105) (a) "*Usb-on* namo among pasalamat kanimo, Doktor," ni Pilang nga naglugmaw ang mga luha sa tumang pagbati. "*Isip-on* kini namo nga utang kabubut-on sa tibuok namong kinabuhi," dason ni Ompong.

*'"Uulitin namin ang aming pasasalamat sa iyo, Doktor," ani ni Pilang na namumugto ang mata sa luha dahil sa saya. Tatanawin naming itong utang-na-loob sa buong buhay naming.'*

(b) "*Mu-usab* mi sa among pasalamat kanimo, Doktor," ni Pilang nga naglugmaw ang mga luha sa tumang pagbati. "*Mu-isip* kami niini nga utang kabubut-on sa tibuok namong kinabuhi," dason ni Ompong.

**6.4.1.3.2 Di-Tiyak na Panghinaharap.** Tulad ng aspektong Di-Tiyak na Tapos, may mga pangyayari din sa panghinaharap na kung saan hindi tiyak kung kailan ito magsisimula, ilang beses gagawin at kailan magtatapos. Kung ang pagbabatayan ay ang buong domeyn ng panghinaharap, ang aspektong ito ay parang maliit lamang na bahagi ng hinaharap ang kagaganapan at hindi nito masasakop ang buong domeyn ng panahong hinaharap.

**6.4.2 Mowd.** Ito ay patungkol sa pananaw ng ispiker ukol sa isang sitwasyon na kinokowd sa predikeyt ng isa ng konstraksyon. Nakabatay ito sa pananaw o perspektiba ng isang ispiker kung paano niya ihahain sa diskurso ang isang proposisyon. Maaari itong hatiin sa dalawang uri: *realis* o *faktwal* at *irrealis* o *di-faktwal* (Givon, 2001).

**6.4.2.1 Realis o Faktwal.** Ito ay mga proposisyon na referensyal at tunay na nangayari. Kakoreleyt ito ng Perfektibo at Imperfektibong Aspek. Ang mga argyument din sa mud na ito ay referensyal o given.

**6.4.2.2 Irrealis o Di-Faktwal.** Ito ay mga proposisyon na hindi pa nangyayari, maaring inaasahan pa lamang na mangyari o di-tiyak ang ispiker na mangyayari. Ito ay kadalasang kakoreleyt ng Kontemplatibong Aspek.

## 7. Samari at Kongklusyon

### 7.1 Samari

Ang pinakapangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy kung ano ang mga transitibo at di-transitibong konstraksyon sa mga kwentong SEB at kung paano ito naipapahayag sa sintaktik kowding. Upang matugunan ang layuning ito, ginamit ng mananaliksik ang teorya ng pagkatransitibo nina Hopper at Thompson (1980). Ginamit din dito ang fangksyonal aproch sa pag-aaral ng wika kung kaya't ang ginamit ditong datos ay mula sa mga teksto. Dito'y iniaplay ang teorya ng pagkatransitibo nina Hopper at Thompson (1980) kung saan nakabatay ang pagkatransitibo ng isang konstraksyon sa pagkaapektado ng peysyent. Ginamit din dito ang sintaktik-semantik *primitives* na S, A at P ni Dixon (1994) sa pag-aanalisa ng morfosintaks sa kwentong pasulat sa SEB. Ang konsepto ng mga semantik na parametrong ito ay nagmumungkahi ng panibagong dulog sa pagkatransitibo ng mga konstraksyon kung saan tinitingnan ito na nasa continuum at hindi lamang nakabatay sa nosyon ng objek at pagiging definit nito.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pitong (7) akda sa SEB mula sa *Bisaya Magazine* na kilala sa mga lugar sa Kabisayaan at Mindanao. Naka-enkowd ang mga kwento sa spreadsheet upang mapadali ang pag-eebalweyt ng bawat konstraksyon batay sa mga parametro ng transitiviti. Dito'y nasukat ang kwantitatibong pagkatransitibo ng bawat konstraksyon at lumilitaw na mas mataas ang pagkatransitibo ng mga Pangmadalian na GF Konstraksyon na kahalintulad din ng resulta ng pag-aaral ni Walters (1995).

### 7.2 Kongklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, malaki ang kinalaman ng semantiks at konteksto sa pagtatakda ng gamit ng mga AF at GF na konstraksyon. Mula sa konsepto ng pagkatransitibo nina Hopper at Thompson (1980), nakabuo ng bagong pagpapakahulugan ng pagkatransitibo ang pag-aaral na ito. Batay dito ay hindi lamang sapat ang pagkakaroon ng nosyonal at tiyak o referensyal na objek upang maging transitibo ang isang konstraksyon. Sa halip ay tinitingnan ang pagkatransitibo ng bawat konstraksyon na nasa isang continuum sa pamamagitan ng mga semantik koreleyt na siyang pinakanilalaman ng pag-aaral na ito. Ang mga semantik koreleyt ng pagkatransitibo sa SEB ay masasalamin sa pamamagitan ng mga AF at GF na panlapi. Batay sa pag-aaral na ito, mayroong tatlong transitibong GF na panlapi: *i-*, *-on*, at *–an* at dalawang di-transitibong AF na panlapi: *mu-/mi-* at *m-/n-* na repleysiv.

Sa pagtalakay ng mga semantik koreleyt ng pagkatransitibo sa SEB, lumilitaw na mas transitibo ang mga GF na konstraksyon kesa sa mga AF na konstraksyon. Ang isang transitibong konstraksyon ay binubuo ng dalawang partisipant o argyument: isang transitibong A at P. Ang isang transitibong A ay ang siyang may kontrol, sors, sadyang tagapagpaganap, may Tuyo/Tumong/Tinguha at matagumpay na pagsasagawa ng aksyon sa isang walang kontrol at ganap na apektadong P.

Ang isang di-transitibong konstraksyon naman ay may iisang argyument lamang na S na maaaring may kontrol o wala sa aksyong ipinapahayag ng predikeyt. Ito ay tinagurian kong $S_a$ kapag ito mismo ang may intensyon, sadya at aktibong tagapagpaganap ng aksyon at tinatawag ko naman itong $S_p$ kapag ito ay walang kontrol ngunit tagapagpaganap ng aksyon.

#### 7.2.1 Mga Parametro

Batay naman sa resulta ng pagsusuri sa paggamit ng mga AF at GF na konstraksyon, mayroong sampung semantik na koreleyt na maaring magpaliwanag sa gamit ng mga AF at GF na panlapi sa pasulat na kwentong SEB: (1) *Mga Partisipant* (47); (2) Kinesis: *Aksyon o Estado* (54); (3) Aspect: Telic o Atelic (59); (4) Punctuality: Punctual o Non-Punctual (64); (5) Volitionality: Volitional o Non-volitional (69); (6) Affirmation: Affirmative o Negative; (7) Mowd: Realis o Irrealis (76); (8) Agency: Animate o Inanimate (76); (9) Pagkaapektado ng P: Pisikal o Di-Pisikal/Buo o Parsyal (84) at (10) Individuation: Individuated o Non-Individuated (88).

#### 7.2.2 Iskeyl ng Pagkatransitibo ng mga AF at GF na konstraksyon sa SEB

Malinaw na makikita sa *continuum* (tingnan ang Apendiks A) na hindi nga *dichotomy* ang pagkatransitibo ng bawat konstraksyon. Batay sa Iskeyl ng Pagkatransitibo ng mga AF at GF na konstraksyon sa SEB: (1) mas nakakiling sa iskeyl na **1-3** (Mababa na Pagkatransitibo) ang mga AF na estadong predikeyt na minamarkahan ng *m-/n-repleysiv* at *mi-/ni-* na mga panlapi; (2) nasa iskeyl naman na **4-7** ang mga AF na tunay na aksyong predikeyt at (3) mas nasa iskeyl naman ng 6-10 (Mataas na Pagkatransitibo) ang mga Pangmadaliang GF na predikeyt.

#### 7.2.3 Korelasyon ng mga Parametro

Makikita sa iskor ng mga konstraksyon (tingnan ang Apendiks B) na maaaring igrupo ang korelasyon ng mga sumusunod na parametro upang maging matagumpay ang pag-apekto ng A sa P:

1. *Volisyonaliti at Eyjensi.* Ang isang A ~~ay~~ mataas ang pagkatransitibo kapag ito ay Animeyt dahil may kakayahan ito sa aksyong Sadya at May Tuyo/Tumong o Tinguha sa pag-apekto at pagpasa ng aksyon sa P.
2. *Pagkaapektado ng P at Individweysyon.* Sa mga AF at GF na konstraksyon sa SEB, maaaring may muvment o pisikal na epekto sa P kahit hindi ito lubusang Individweyted (e.g. maaaring definit lamang ang P at hindi referensyal).
3. *Mowd at Afirmeysyon.* Ang mga parametrong ito ay tumutukoy sa modaliti ng mga konstraksyon sa teksto. Sa resulta ng pag-aaral na ito, may korelasyon ang mga Perfektibong aksyon sa *realis* at Imperfektibong aksyon sa *irrealis* na mowd.
4. *Mga Partisipant at Pagkaapektado ng P.* Kinakailangan na may dalawang argyument na A at P upang matagumpay na maapektuhan ang P sa isang konstraksyon.
5. *Kinesis at Pagkaapektado ng P.* May kakayahang maapektuhan ng aksyong ipinapahayag ng pandiwa ang P kapag ito ay tunay na aksyon at hindi estado.

Sa pagtitipo ng mga wika, pinakabeysik na pangangailangan ang detalyadong analisis ng gramar kaya mahalagang magkaroon ng mas puspusan at mas malawakang pag-aaral ng mga indibidwal na wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng mas marami pang teksto na pasalita at pasulat upang maistablisa ang sistema ng pagkokowd ng mga semantik koreleyt na tinalakay sa pag-aaral na ito. Mahalagang ding pinuhin pa ang mga parametro upang mas maging malinaw ang iskeyl ng mga bahagi ng *continuum* at mas sistematikong maipakita sa gramar ang mga semantik koreleyt na ito.

Malaki ang kinalaman ng Pangtwalidad ng isang aksyon sa Pagkaapektado ng P. At lumilitaw sa pag-aaral na ito na ang parametrong ito ay malaki ang kinalaman sa pangtwalidad ng leksikon. Kung kaya't mahalaga ding pag-aralan ng malaliman ang digri ng pagkatransitibo ng mga leksikon sa SEB.

**Tala**

1. Sinipi mula kay Grimes ni Kari Valkama, Grammatical Relations in Cebuano. (Finland: University of Helsinki, 2000), p. 1.

2. Sina Dixon (1994) at Palmer (1994) ay may malawakan at malalimang pagpapaliwanag hinggil sa mga sistemang nominatibo-akusatibo at ergatibo-absolutibo na mga wika sa mundo.

3. Ayon kay Schacter at Otanes (1972) ang mga AF na pandiwa ay kadalasang mga di-transitibo na nagkokoreleyt sa tapik na tagaganap ng aksyon habang ang mga GF na pandiwa naman ay kadalasang nagpapahayag ng mga transitibong aksyon na nagkokoreleyt sa mga tapik na hindi tagaganap ng aksyon. Ang mga GF na pandiwang ito ay hinahati pa nila sa dalawang uri: ang Objek-Fokus tulad ng ibinigay nilang halimbawa na nasa (a) sa ibaba at Direksyonal-Fokus naman tulad ng nasa (b).

   (a) Ibinigay ng titser sa istudyante ang premyo.
   'The teacher gave the student the price.'

   (b) Binigyan ng titser ng premyo ang istudyante.
   'The teacher gave the student a prize.'

Dito'y inihahalintulad nila ang Objek-Fokus sa mga direk objek sa Ingles habang ang mga Direksyonal-Fokus naman ay sa mga indirek objek.

4. Ang pamamaraang ito ay isinahalintulad sa pamamaraan ni Walters (1995).

5. Kadalasan, ang predikeytor ay isang verbal na constituent na may relasyon sa sabjek ng isang pangungusap (Bussmann, 1996). Ayon naman kay Crystal (1991), ang terminolohiyang ito ay tumutukoy sa mga verbal na elemento sa isang Subject-Verb-Object na mga konstraksyon, viz. Subject-Predicator-Object, upang maiwasan ang paggamit ng *Verb* sa parehong formal at fangksyonal na aspeto. Ganito ring konsepto ang ginamit sa pag-aaral na ito kung saan sa isang konstraksyon, ang predikeytor ang siyang nagpapahayag ng relasyon ng mga argyument (Palmer, 1994).

6. Ginagamit ang terminong ito sa mga teorya ng semantiks. Ito ay pumapatungkol sa predikeyt *calculus* na nakabatay dito kung ilang argyument ang nirerekwayr ng predikeyt. Kung kaya't tinatawag ang mga predikeyt na *one-*, *two-* o *three-place* predikeyt. Ginamit din ito sa Government and Binding Theory (GB) bilang referensyal ekspresyon na tumutukoy sa tematik rowl (*theta criterion*) sa lohikal na form. Ngunit sa pag-aaral na ito ay gagamitin ang konsepto ni Palmer (1994) ng mga argyument sa isang konstraksyon kung saan itinuturing ang mga ito bilang mga kor NP na obligatoryong kailangan upang makabuo ng proposisyon.

7. Kadalasang ginagamit ang terminong ito upang tumukoy sa nakafokus na NP para sa mga wika sa Pilipinas at itinuturing bilang definit na referens at *given information*. *Pragmatic Pivot* naman ang tawag dito sa *Role and Reference Grammar* nina Foley at Van Valin (1984). Batay naman sa depinisyon ni Gault (1999), na sinipi niya mula kay Walton, ang tapik para sa mga wika sa Pilipinas ay isang terminolohiyang sintaktik na tumutukoy sa NP na kinokowd ng infleksyon ng pandiwa *"as being of greater salience than the others in the clause."*

8. Batay sa depinisyon Bussman (1996) ang Oblik ay isang sintaktik na fangksyon. Ito ay isang NP na nasa oblik na keys. Ang mga ito ay hindi itinuturing na kabilang sa mga pangunahing sintaktik fangksyon ng isang wika (tulad ng sabjek at direk objek) at ito'y walang direktang relasyon sa aksyong ipinapahayag ng predikeyt.

9. Ang mga *m-/n-*repleysiv sa Tagalog, ayon kay Palmer (batay sa kanyang papel na binasa sa 6th ICLA Conference sa Stockholm noong July 1999) ay iniinflek bilang aspek, mowd at voys sa *pag-* na panlaping deraybeysyonal.

10. Ang resultang ito ay katulad ng resulta ng pag-aaral nina Shibatani (1988), Payne (1994) at Walters (1995).

11. Sinunod ng mananaliksik ang katawagang ito ni Tsunoda (1985) na tumutukoy sa mga pandiwa katulad ng *see, hear, find, etc.* sa Ingles. Tinatawag naman ni Payne (1997:60) ang mga ganitong klase ng pandiwa na *sensation verbs* na ayon sa kanya, nagpapahayag ng mga konseptong may kinalaman sa pandama, pang-amoy, paningin, panlasa at pandinig.

12. Ginamit ang simbolo sa pag-aaral na ito na nangangahulugang S na may semantik rowl na peysyent habang ang $S_a$ naman para sa may semantik rowl na eyjent.

13. Ang Higaonon ay sinasalita ng isa sa mga etnolinggwistikong grupo sa Bukidnon at Rogongon, Lungsod ng Iligan. (Tingnan sa Figyur 2).

14. Ang Waray o Waray-Waray ay sinasalita sa Samar, Biliran at Silangang bahagi ng Leyte. Ang mga nagmula sa Samar ay kilala bilang mga Samareño habang ang mga nagmula naman sa Leyte ay mga Leyteño. Kilala din sila bilang mga Bisaya (Llamzon 1978: 97).

15. Tumutukoy ito sa konsepto ng salita mismo sa Ingles na nangangáhulugang solid o buo at walang nasasayang na espasyo. Inilapat naman ito ni Givon (2001) sa pagkatransitibo ng leksikon kung saan walang malinaw na simula at pagtatapos ang aspek ng salita.

## SANGGUNIAN

Bell, S. J. (1976). *Cebuano subjects in two frameworks*. Cambridge, MA: MIT dissertation.

Bell, S. J. (1988). Voice and foreground/background in Cebuano. In McGinn (ed.) 427-40.

Blake, B. J. (1990). *Relational grammar*. Routledge London at New York.

Blake, B. J. (1994). *Case*. Cambridge, England: Cambridge University Press.

Blake, Frank R. 1925. *A grammar of the Tagalog language*. American Oriental Series 1. New Haven, CT: American Oriental Society. Reprinted 1967, New York: Kraus Reprint Corporation.

Bloomfield, L. (1917). *Tagalog texts with grammatical analysis*. Urbana: University of Illinois. Preface ni-reprint sa Hockett (ed.) 1970: 78-81.

Boutin, M. E. w.p. *Transitivity and Discourse in Bonggi*. Summer Institute of Linguistics at University of Florida.

Brainard, S. (1994). Voice and ergativity in Karao. Sa Givón (ed.), 317-64.

Brainard, S. (1996). Why the 'focused NP' is not the subject in Philippine Languages: evidence from Karao. *Philippine Journal of Linguistics*, 27. 1 & 2. 1-47.

Bussmann, H. (1996). *Routledge dictionary of language and linguistics*, isinalin at inedit nina Gregory P. Trauth at Kerstin Kazzazi. London: Routledge.

Bybee, J. L. (1985). *Morphology: A study of the relation between meaning and form*. Amsterdam/Philadelphia: John Benjamins Publishing Company.

Cabonce, R. (1983). *An English-Cebuano Visayan dictionary*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Cena, R. M. Hunyo at Disyembre (1995). Surviving without relations. *Philippine Journal of Linguistics* 26.1 at 2. Manila, Philippines: Linguistic Society of the Philippines sa De La Salle University, 1-32.

Comrie, B. (1976). *Aspect*. Cambridge: Cambridge University Press.

Constantino, E. A. (1965). The sentence patterns of twenty-six Philippine languages. *Lingua* 15. 71-124.

Constantino, E. A. 1970. The deep structures of the Philippine languages. *The Archive*, 1. 65-79.

Cooreman, A. (1983). Topic continuity and the voice system of an ergative language: Chamorro. Sa Givón (ed.)

Cooreman, A. , Barbara F. & Givón, T. (1984). The discourse definition of ergativity. *Studies in Language*, 8.1.1-34.

Croft, W. (1990). *Typology and universals*. Cambridge, England: Cambridge University Press.

Cruz, E. L. (1985). A subcategorization of Tagalog verbs. *The Archive*. Special Monograph Issue 2. Quezon City: Philippine Linguistic Circle.

Crystal, D. (1991). *A dictionary of linguistics and phonetics*, third edition. UK: Basil Blackwell Ltd.

Francisco, J. R. at Angel, B. (1979). *The Higa-unon*. Papers in Mindanao Ethnography, Data Paper 1, Ethnography Series. Marawi Series: MSU-University Research Council.

De Guzman, V. P. (1978). *Syntactic derivation of Tagalog verbs*. Honolulu: University Press of Hawaii.

De Guzman, V. P. (1996). Lexical categories in Tagalog. *Pan-Asiatic Linguistics*. (Proceedings of the Fourth International Symposium on Language and Linguistics 1. Bangkok, Thailand: Mahidol University, 307-21.

Delos Reyes, J. (Septyembre 2002). Brgy. 95-A, Caibaan, Tacloban City.

Dixon, R.M.W. (1994). *Ergativity*. Cambridge: Cambridge University Press.

Du Bois, J. W. (1987). The discourse basis of ergativity. *Language* 63.4.805-55.

Givón, T. (ed.) (1983). *Topic continuity in discourse: Quantitative cross-language studies*. Typological Studies in Language 3. Amsterdam: John Benjamins.

Givón, T. (2001). *Syntax: An introduction* 1. Amsterdam/Philadelphia: John Benjamins Publishing Company.

Hopper, P. J. & Thompson, S. A. (1980). Transitivity in grammar and discourse. *Language* 56. 251-99.

Kalmár, I. (1982). Transitivity in a Czech folk tale. *Syntax and Semantics* vol. 15, sa Studies in Transitivity, inedit nina Paul J. Hopper at Sandra A. Thompson. New York: Academic Press Inc., 241-59.

Katagiri, M. (Agosto 1999). *An interpretation of the actor-voice construction in Tagalog: implications for the split voice system of Philippine languages*. Lektyur na ginanap sa PH 212. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas.

Katamba, F. (1993). *Morphology*. London: The Macmillan Press Ltd.

Kroeger, P. R. (Disyembre 1993). Another look at subjecthood in Tagalog. *Philippine Journal of Linguistics* 24.2. Manila, Philippines: Linguistic Society of the Philippines sa De La Salle University.

Luzares, C. E. (1979). The Morphology of selected Cebuano verbs: A case analysis. *Pacific Linguistics* B-63. Canberra: The Australian National University.

McFarland, C. D. (1981). *A linguistic atlas of the Philippines*. Manila, Philippines: Linguistic Society of the Philippines sa De La Salle University.

Munger, S. (1986). *Higaonon Grammar Essentials*. Philippines: Summer Institute of Linguistics.

Mintz, M. W. (1973). *Case and semantic affixes of Bicol verbs*. Di-napablis na Ph.D. Dissertation sa University of Hawaii.

Nida, E. (1963). *Morphology*. Michigan: University of Michigan Press.

Nida, E. (Pebrero 2000). *Ergativity in a Philippine language*. Bonifacio P. Sibayan Professorial Chair Lecture. De La Salle University, Manila, Philippines.

Nolasco, R. M. (1994). *Gramar ng Sorsogon*. Di-napablis na M.A. Tesis sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod ng Quezon.

Nolasco, R. M. (2002). UP Diliman, Lungsod Quezon.

Palmer, F. R. (1994). *Grammatical roles and relations*. Cambridge: Cambridge University Press.

Payne, D. L. (Enero 1985). Degrees of inherent transitivity in Yagua verbs. *International Journal of American Linguistics* vol. 51, no. 1. Chicago: University of Chicago Press, 19-37.

Payne, T. E. (1994). *The pragmatics of voice in a Philippine language: actor-focus and goal-focus in Cebuano narrative.* In Givón (ed.), 317-64.

Payne, T. E. (1997). Describing morphosyntax: A guide for field linguists. United Kingdom:
Cambridge University Press.

Paz, C. J. (1996). *The morphology and syntax of Tagalog nouns and adjectives.* The Archive 11. Lungsod ng Quezon: Philippine Linguistic Circle.

Radford, A. (1981). *Transformational syntax.* United Kingdom: Cambridge University Press.

Radford, A. (1988). *Transformational grammar: a first course.* United Kingdom: Cambridge University Press.

Schachter, P. at Otanes, F. (1972). *Tagalog reference grammar.* Berkeley: University of California Press.

Shibatani, M. (1988). Voice in Philippine languages. Sa Shibatani (ed.) 13-81.

Shibatani, M. (ed.) 1988. *Passive and voice.* Typological Studies in Language 16. Amsterdam: John Benjamins.

So-ong, R. (Mayo 1996). Rogongon, Iligan City, Lanao Del Norte.

Trosdal, M B. (1992). *Formal-functional grammar of the Cebuano language.* Cebu City: Salvador & Pilar Sala Foundation, Inc.

Tsunoda, T. (1985). Remarks on transitivity. *Journal of Linguistics* 21. 385-396.

Valkama, K. (2000). *Grammatical relations in Cebuano* 32. Finland: University of Helsinki.

Walters, D. E. (May 1995). *Discourse Based Evidence for an ergative analysis of Cebuano.* The University of Texas at Arlington M.A. Thesis.

W.A. (2002). Course Notes in Statistics 101. Di-napablis na Manual ng School of Statistics. Lungsod ng Quezon: UP Diliman.

## Apendiks A

### Iskeyl ng Pagkatransitibo ng mga Konstraksyon sa SEB

**Mababa na Pagkatransitibo** — **Mataas na Pagkatransitibo**

| Iskeyl | 1 | 2 | 3 | 3.5-4 | 4.5-5 | 5.5-6 | 6.5-7 | 7.5 | 8 | 8.5-9 | 9.5-10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Mga** | Negatibo | Ma- | Ma- | mi- | mi- | mi- | mi- | Gi- | Gi- | Gi- | Gi- |
| **Panlapi** | | | | | gi- | gi- | | | | | |
| | | | mi- | Nag- | Nag- | Nag- | Gi- | mi- | mi- | Gi- | |
| | | | Nag- | Ma- | Naka- | Naka- | Maka- | Na- -an | Na- -an | | |
| | | | | | Na- | Na- | | | | | |
| | | | | Naka- | -on | Nang- | Na- | | | | |
| | | | | Nang- | | -on | Na- -an | | | | |
| **Mga Halimbawa** | | | | | | | | | | | |
| | | Bug-at | Maanyag | malaomon | Misidlak | Gibati | gihusay | gibasal | gidubli | gihurot | gikuha |
| | | Bugnaw | Batan-on | Mapugsanon | Miulpot | Nadungog | nasugatan | gisubay | gilibot | gipahigda | Gilit-ag |
| | | matahom | adunahan | Mianam | Nagtakilid | Nakapahiyom | mikurog | mimando | gipunting | gituyo | gipabuthan |
| | | | Bagting | Nagbuntag | Nakadungog | sugton | mitutok | miduol | gisuksokan | giatiman | Gidat-ol |
| | | | Hagok | nakugang | nasuta | miulpot | gipahibalo | nakita | miduol | gihisgotan | gigunitan |
| | | | Tuliyok | | nanghipos | nagpabilin | gipasaligan | nakumo | milingi | gilimas | gihatag |
| | | | nahasiga | | | nanghipos | natuhog | | | gidala | giliwag |

## APPENDIX B: Sample ng Stem and Leaf Display ng Isang Kwento

### Kwento 1. PKTA

**Plot 1.1 AF**

| ***Stem:*** **Mga Parametro** | ***Leaf:*** (yunit = 0.1 parametro) **Mga iskor ng bawat konstraksyon** |
|---|---|
| **1** | |
| **2** | 0 |
| **3** | 0 0 0 0 0 0 0 |
| **4** | 0 0 0 0 0 0 0 0 |
| **5** | 5 |
| **6** | 0 0 0 0 0 |
| **7** | 0 0 |
| **8** | |
| **9** | |
| **10** | |

**Deskriptibong Istatistiks**

*Mean*: 104.5/24 = 4.35
*Median*: 4
*Mode*: 4

**Plot 1.2 GF**

| ***Stem:*** **Mga Parametro** | ***Leaf:*** (yunit = 0.1 parametro) **Mga iskor ng bawat konstraksyon** |
|---|---|
| **1** | |
| **2** | |
| **3** | |
| **4** | 5 |
| **5** | 0 0 |
| **6** | |
| **7** | 5 5 |
| **8** | 0 5 |
| **9** | 0 0 0 0 |
| **10** | 0 |

**Deskriptibong Istatistiks**

*Mean*: 92/13 = 7.08
*Median*: 8
*Mode*: 9

**Plot 1.3 Neg**

| **Stem:** Mga Parametro | **Leaf:** (yunit = 0.1 parametro) **Mga iskor ng bawat konstraksyon** |
|---|---|
| **1** | 0 0 0 |
| **2** | |
| **3** | 0 0 |
| **4** | 0 5 |
| **5** | |
| **6** | |
| **7** | |
| **8** | |
| **9** | |
| **10** | |

**Deskriptibong Istatistiks**

*Mean*: 17.5/7 = 2.5
*Median*: 4
*Mode*: 1